

# GABAY NG GURO SA BAITANG 7

## UNANG MARKAHAN

### Pagtataya sa Pagtataya (Mga Gawain para sa Ikaapat na Araw ng Bawat Linggo)

Apat na bagay ang maaaring mangyari sa ikaapat na araw ng bawat linggo:

1. Pagkuha at pagpoproseso sa datos ng kanilang natutuhan/di-natutuhan.
2. Pagtugon sa mga nakitang pagkakamali/pagkukulang/kalabuan.
3. Paghahanda para sa susunod na babasahin.
4. Pagtatrabaho sa proyekto para sa buong semestre.

#### I. PAGKUHA sa DATOS

Ang iyong itinuro  
kaniya bang tinungo?  
Destinasyong hangarin:  
kanila bang narating?

May mga itinuturo ba tayo nang ilang taon na pero hindi pa rin natutuhan ng estudyante? Bakit? Kung magaling ang guro nila, sigurado na bang matututo ang lahat sa isang klase? Paano ito tinitiyak?

Magagawa lamang ito kung paglalaanan ng oras ang Pagtatasang Mapanghubog. Niyayakap na ng buong mundo ang *Formative Assessment* dahil gusto nating matiyak na natututo ang mga estudyante. Mangyayari lang ito kung nababantayan natin ang progreso nila. Posibleng ito ang pinakamahalagang gawain ng isang guro at mas mahalaga pa sa pagtuturo ng isa pang paksa o leksyon.

Maraming paraan upang gawin ito. Ang ilan ay ang mga sumusunod:

1. **SIMPLENG PAGTATANONG**--Itanong sa buong klase kung ano ang pinakanagustuhan at ano ang pinakamahirap sa ginawa/pinag-usapan noong nakaraan. Talakayin ang kailangan.
2. **PANGKATANG PAPEL**--Hatiin ang klase sa mga grupo at ipasulat sa bawat grupo ang pinakanagustuhan nila at pinakamahirap sa ginawa/pinag-usapan noong nakaraan. Ipapasa ang mga ito, basahin sa harapan at talakayin.
3. **ILAW-TRAPIKO**--Magpagawa ng 3 pirasong papel sa mga estudyante—pakulayan ang isa ng berde na ibig sabihin ay malinaw, dilaw ang isa na ang ibig sabihin ay sandali lang dahil may malabo/mahirap, at pula ang huli para sa huminto muna tayo dahil may kailangang paglaanan ng oras. Sabay-sabay na ipataas sa kanila ang mga papel. Talakayin ang dahilan nila para sa pagtataas ng isang kulay. Maaari itong gawin kahit habang nagtuturo ng leksyon, pasingit-singit imbes na sabihing “may tanong?” maaaring itanong kung “ano’ng kulay n’yo ngayon?”
4. **MAGTAAS KUNG MALI**—Kung nagbigay ng pagsusulit na may tiyak na sagot (tulad ng *quiz*, *long test* o *exam*), sabihin ang bawat bilang at pataasin ang kamay ng sumagot nang mali. Sa blangkong sagutang papel, maaaring markahan ang bawat bilang ng:
  - x kung halos walang nagkamali;
  - kung may kaunting nagkamali;
  - √ kung maraming nagkamali; at
  - ☆ kung sobrang daming nagkamali.

Unahing talakayin ang pinagkamalian ng pinakamarami. Sa mga ito, makatutulong ang pagbibilang ng dami ng sumagot sa iba't ibang posibleng sagot. Halimbawa, sa apat-na-maari o *multiple choice*, ilan ang sumagot ng A, ilan ang B, ilan ang C, at ilan ang D. Pagkatapos, itanong kung bakit nila sinagot ang mga iyon.

Sa pagsusuri sa sinasabi ng mga estudyante, maaaring matuklasan ng guro ang dalawang bagay. Una, maaaring lumabas na mali pala o may kaunting sablay ang mismong tanong. Sa ganitong kaso maaaring alisin ang tanong sa pagsusulit at tandaan ang pagkakamali nang hindi na maulit. Pangalawa, maaaring lumabas na may hindi naunawaan ang mga estudyante. Sa ganitong kaso, kailangang iturong muli ang leksiyon at bigyan sila ng mga pagsasanay o bagong teknik upang di na rin maulit ang kanilang pagkakamali.

5. PAGLILISTA ng MALI—Habang iwinawasto ang papel/sulatin ng mga estudyante, mangolekta ng mga halimbawa ng pagkakamali. Lilitaw rito kung sa anong kakayahan pa kailangang hubugin ang mga estudyante. Muli, simulan ang pagtalakay sa aspekto kung saan nagkamali ang pinakamarami.
6. PAGTATASA sa SARILI—Gamit ang ibinigay na *rubric*, hayaan ang estudyanteng markahan ang sarili at isulat ang paliwanag sa pagmamarkang ito. Maaari rin siyang hikayating magsulat ng mga planong maisasagawa para mapabuti pa ang kaniyang ginagawa. Mag-ikot habang ginagawa nila ito upang kumustahin ang kanilang pagmumuni-muni.
7. PAGTATASA sa KAKLASE—Gamit ang ibinigay na *rubric*, hayaan ang estudyanteng markahan ang kaklase at isulat ang paliwanag sa pagmamarkang ito. Mag-ikot habang ginagawa nila ito upang kumustahin ang kanilang pagmumuni-muni at pakikitungo sa isa't isa.

## II. PAGTUGON sa NAKITANG PAGKAKAMALI

*Sila ba'y naihanda  
sa ipinagagawa?  
Bintanang aabutin:  
may hagdang aakyatin?*

Bukambibig din ng buong mundo ngayon ang *scaffolding* at *explicit teaching*.

Tinatanong ng konseptong *scaffolding* (o pag-aandamyo) sa mga guro ang: "Natulungan ba natin ang mga estudyanteng maabot ang gusto nating maabot nila? Naglagay ba tayo ng mga estrukturang makatutulong sa kanila rito?" Hindi tamang asahan na bawat isa sa kanila ay marunong na agad ng gusto nating ipagawa. Dahil kung alam na nila, bakit pa natin itinuro? At kung hindi pa alam ng lahat, may kailangan pa talaga tayong ituro.

Dito naman pumapasok ang *explicit teaching* o sinadyang pagtuturo. Kasabihan nang: huwag mong markahan ang hindi mo itinuro. Ngunit tinuruan na ba natin sila kung paano lakasan ang boses nila? Kung paano lagyan ng damdamin ang pagbigkas? Kung paanong mamili ng salita sa isang sulatin?

Hindi sapat ang basta pagbibigay ng puna. Kailangang sadyain ng guro na ituro ang bawat kasanayang sinisingil niya sa mga estudyante.

Sumusunod ang ilang mungkahing pamamaraan para sa ilang aspekto kung saan kailangan pa nila ng paghubog. Gamitin/baguhin/palitan ayon sa pangangailangan at hilig ng inyong klase. Maaari

ring pagbatayan ang mismong ipinagawa para makakita ng pinakamabisang panghubog.

### Mga PAGESASANAY sa PAGESUSULAT

A. PAGESASANAY sa KAISAHAN: Sadyain ang pagkakamali.

1. Pagpangkat-pangkat in ang klase.
2. Sa ibinigay na papel, magsulat ng talatang may 5 pangungusap. Sadyaing isa sa 5 ay hindi ma higit ang kaugnayan sa 4 na iba pa. (5 minuto)
3. Pagharapin ang 2 grupo. Huwag munang ipakita ang ginawa.
4. Ngayon, haharap ang 2 grupo sa isa't isa. Kailangang makita ninyo ang sablay na pangungusap bago makita ng kaharap ninyong grupo. Isang sagot lang ang maaaring ibigay ng isang grupo. Maaaring pag-usapan ninyo ito o mamili lang ng kinatawan. Ang unang makapagbasa nang malakas ng sablay na pangungusap ng kabilang grupo ang panalo.

B. PAGESASANAY sa PAGPAPAIKLI

Maaari itong gawin bilang isang malaking grupo o bilang pangkat-pangkat na magtatagisan kung kanino ang pinakamaikli at pinakamabisang bersiyon.

Paikliin ang sumusunod na Paskil sa LRT:

PAALALA

BAWAL SUMANDAL SA PINTO  
NG TREN, BUKSAN ITO NG  
WALANG PAHINTULOT, O  
PUMIGIL SA PAGESASARA AT  
PAGBUBUKAS NITO.  
MAY KAUKULANG PARUSA  
ANG PAGLABAG SANG-AYON  
SA BATAS.

C. PAGESASANAY sa PAMIMILI ng SALITA

Ano ang kaibahan ng mga sumusunod na salita?

Gawin o gayahin ang kilos na tinutukoy.

(Hayaan silang sumagot pagkatapos ng bawat bilang.)

1. Humahagulgol siya.
2. Humihikbi.
3. Lumuluha.
4. Umiiyak.
5. Tumatangis.
6. Ngumunguyngoy.

Subukin naman ang grupong ito:

1. Ngiti.
2. Ngisi.
3. Ngiting-aso.
4. Ngiting matipid.
5. Ngiting abot-tainga.
6. Nahihiyang ngiti.
7. Ngiting di-mabura.
8. Ngiting pangkamera.

Kailangang gamitin ang pinakaangkop na salita sang-ayon sa sitwasyon.

#### D. PAGESASANAY sa PAGPAPABISA

Maaaring magsimula sa paghingi sa mga estudyante ng pinakaastig nilang *pick-up line*.

Mag-isip ng iba-ibang paraan ng pagsasabi ng mga sumusunod na mensahe:

1. *Mahal kita.*
2. *Gusto kita.*
3. *Mali ka.*
4. *May tinga ka.*
5. *Napakaganda/napakaguwapo mo.*
6. *Oo.*
7. *Hindi.*

Anong mga paraan ng pagpapabisa ang ginamit natin? Isulat ang mga ito sa pisara.

Gamitin din ang mga paraang nabanggit sa sarili ninyong pagsusulat/pagsasalita.

#### Mga PAGESASANAY sa PAGBIGKAS

##### A. WASTONG BIGKAS

1. *Kumuha ng isang maikling sipi.*
2. *Maglagáy ng marká ng diín (´) sa laháat ng patínig na mayroón nitó.*
3. *Maaari ring lagyan ng impit (˘) ang mga salitang malúmi at maragsâ.*
4. *Bigkasin ang sipi sa kaklase nang may wastong diin at mga impit.*
5. *Markahan ang sarili sa aspektong ito. Magpamarka rin sa kaklase.*

Kung tig-iisang pangungusap lang ang mga estudyante, maaaring pabigkasin ang buong klase. Maaari ring sabayan ang pagbigkas ng ilang estudyante.

##### B. PAGESASANAY sa LAKAS

1. Dalhin ang klase sa *covered courts*, o sa anumang malaking espasyo. (Tiyaking walang magagambalang ibang klase sa gawaing ito.)
2. Papuwestuhin ang mga estudyante sa isang malayong lugar (doon sa may puno o sa *maybasketball goal*. (Maaari rin namang ang guro ang lumayo.)
3. Pabigkasin ang estudyante ng isang pangungusap o maaaring sabihin nilang: "Ako si \_\_\_\_\_ at malakas akong bumigkas!" o kaya: "Naririnig n'yo ba ako?"

##### C. PAGESASANAY sa KUMPIYANSA

1. Papilahin ang mga susunod na bibigkas sa labas ng silid.
2. Kapag tinawag na ang kanilang pangalan, kailangan nilang maglakad mula sa pinto hanggang sa kabilang panig ng *platform* o entablado nang nakatingin sa madla. Katulad ito ng ginagawa ng mga modelo o ng mga naninindak.
3. Mahalagang may iniisip silang subteksto o mensahe habang ginagawa ito. Maaaring: "Ang ganda ko, ano?" o "Ano ha? Sino'ng papalag?" o "Naiinis ako sa inyo." o "Masaya akong nandito kayo." Ang mahalaga ay mensahe ito para sa mga tinititigan.
4. Babalik ang estudyante sa gitna at hihinto. Tititigan niya uli ang bawat estudyanteng nasa silid-aralan. Pagkatapos sasabihin niya: "Magandang umaga!" o "Magandang hapon!"

##### D. PAGESASANAY sa ANGKOP na DAMDAMIN

1. Kumuha ng isang bahagi ng teksto at isulat ito sa pisara. Ipabasa ito nang malakas sa buong klase. Kung walang magamit, gamitin ang unang saknong ng *Pag-ibig sa*

*Tinubuang Lupa* ni Andres Bonifacio.  
Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya  
sa pagkadalisa'y at pagkadakila  
gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?  
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

2. Kung may sariling kopya ang mga estudyante, sabihin: *Aling mga salita ang pinakamahalaga sa unang pangungusap/linya? Salungguhitan ang mga ito.*  
Halimbawang sagot:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya  
sa pagkadalisa'y at pagkadakila  
gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?  
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Pagkatapos ng sandali, itanong kung ano ang isinagot nila at salungguhitan din ang kopyang nasa pisara. Ito ang mga salitang naghahatid ng mensahe sa isip. Ipabigkas sa kanila ang mga salita lamang na nakasalungguhit. Sabihing: *Kung tama ang pagsasalungguhit, kahit iyong mga salita lang ang marinig ng kausap mo, dapat kaya niyang intindihin ang iyong sinasabi.*

3. Muling ipabasa nang malakas ang buong sipi ngunit kailangang lagyan na nila ng diin ang mga salitang nakasalungguhit. Ulit-ulitin hanggang makuha nila.
4. Itanong naman: *Aling mga salita ang puno ng damdamin? Bilugan ang mga ito.*  
*Maaaring isali ang ilang nakasalungguhit na salita. Maaari ring sa halip na bilugan lang ay palitan ang pagkakasulat ng salita ayon sa damdamin nito. O kaya ay gumuhit sa tabi ng isang imahen na magpapaalala sa damdamin nito.*
5. Kunin muli ang kanilang sagot at bilugan ang kopyang nasa pisara. Ipabigkas ang mga salitang nakabilog nang may angkop na damdamin. Halimbawa: *pag-ibig, pagkadalisa'y, pagkadakila, wala.* Iba-iba dapat ang damdamin sa bawat isa sa mga iyon. Ulit-ulitin hanggang makuha nila.
6. Muling ipabasa ang sipi nang may diin at damdamin. Ulit-ulitin hanggang mapapalampak ang klase sa ganda ng kanilang ginawa.

#### E. PAGESASANAY sa PAG-ABOT sa MADLA

1. *Kumuha ng papel.*
2. *Magsulat ng isang pangungusap na may 7 salita. Dapat karaniwan lang ang pangungusap. Halimbawa: Kumain ako ng tatlong pandesal kaninang almusal.*
3. *Magpalitan ng papel.*
4. *Pupunta ka sa harapan. Walang obligasyon ang klaseng makinig sa iyo. (Bahala na ang gurong tantiyahin kung kailangan niyang patahimikin ang klase.) Kailangang makagawa ka ng paraan upang marinig ng BAWAT ISA sa klase ang iyong mensahe. Kahit anong paraan bukod sa pagsusulat sa mensahe. At mayroon kang 10 segundo lamang para gawin ito.*
5. *Pagkatapos ng 10 segundo, tatawagin ko (ng guro) ang kahit sino sa klase. Ipaulit ko sa kaniya ang pangungusap mo. Kung ilang salita ang maalala niya ay +3 ang marka mo para sa gawaing ito. Tandaang maaari kong piliin ang pinakahindi-nakinig sa iyo—iyong natutulong o nakikipag-usap sa katabi o nag-eensayo ng gagawin. Kaya kailangang matiyak mo na naabot mo ang bawat isa.*

## Mga PAGSASANAY sa PAGBABASA

Nakabatay ang mga gawaing ito sa prinsipyo ng interaksyon ng estudyante sa teksto. Mas matutuhan niya at mas masasarapan siya at magiging mas makabuluhan sa estudyante ang teksto kung ninamnam niya ito at iniugnay sa sarili niyang buhay at kaalaman. Ang sumusunod ay ilang gawaing subok na makahihikayat sa estudyanteng magkainteraksyon sa teksto:

1. *Tingnan ang AKDA. Ano ang mga napansin mong katangian nito. (Pasaknong ba? Mukha bang may sukat at tugma? Marami bang diyalogo? Sino ang nagsulat?)*
2. *Tingnan ang PAMAGAT. Batay sa pamagat ano ang posibleng paksa ng babasahin natin?*
3. *Basahin ang isang talata/saknong. Ano ang pinakamahahalagang sinabi rito? SALUNGGUHITAN.*
4. *LAGUMIN ang talata/saknong o magkakasunod na talata/saknong. Anong salita, parirala o simbulo ang sinasabi ng bahaging ito? Isulat sa tabi ng talata/saknong.*
5. *Ano ang mga REAKSYON mo sa talata/saknong? Maaaring gamitin ang mga markang ito:  
? para sa hindi pa nauunawaan  
! para sa nakagugulat o sinasang-ayunan  
☆ para sa paboritong bahagi  
o para sa nakatatawa*
6. *Ano ang NAALALA mo dahil sa talata/saknong? Magsulat ng salita, parirala, pangungusap o simbulo sa tabi nito. Maaaring isang kasabihan, o isang pangyayari sa buhay mo, o ibang kuwento/tulang nabasa mo, atbp.*
7. *Kung ikaw ang guro, ano ang mga ITATANONG mo ukol sa binabasa mo? Maaaring ilista ang mga ito sa isang papel bilang tulong sa pagbabalik-aral.*
8. *Pagkatapos basahin ang buong akda, balikan ang mga isinulat. Ano kaya ang PINAKATEMA o MENSAHE ng buong akda? Minsan isa itong aral sa buhay. Minsan naman isa lamang itong paglalarawan sa KATOTOHANAN. Anong KATOTOHANAN ang ipinakikita rito?*
9. *NAGANDAHAN ka ba sa teksto? Bakit o bakit hindi? Kung kailangan mong patunayan sa ibang tao kung bakit niya ito dapat basahin, ano ang sasabihin mo?*

### III. MGA GAWAIN BAGO MAGBASA

Dalawang bagay ang mahalaga bago magtakda ng babasahin sa estudyanteL 1) paghahawan sa lahat ng sagabal at 2) matinding motibasyon.

#### A. PAGHAHAWAN sa LAHAT ng SAGABAL

Kailangan daw na 98% ng binabasa ng estudyante ay naiintindihan niya upang gumaling siya sa pagbabasa. Samakatuwid kailangang tanggalin lahat ng hadlang sa kanilang daan upang makasulong sila. Sumusunod ang ilang sagabal at posibleng paraan para maigpawan ang mga ito:

SAGABAL	SOLUSYON
Talasalitaan	Magbigay ng listahan ng pinakamahahalagang salitang maeengkuwentro ng mga estudyante sa teksto BAGO pa man sila magbasa.
Uri ng Akda	Kung hindi pamilyar ang uri ng akda, kailangang magkaroon ng maikling pambungad ukol dito. Halimbawa, kung <i>future fiction</i> o dagli ang susunod na tatalakayin.
Kultura sa Akda	Ano ang mga nangyayari sa akda na hindi karaniwan para sa estudyante? Halimbawa, kung ang inilalarawan dito ay panahon ng Hapon o kaya kultura ng sabong, kailangan magkaroon ng kaunting <i>background</i> ang estudyante tungkol sa mga ito.
Anumang nakagugulat o kakaiba sa akda	Ikaw na ang magpasya bilang guro kung ano ang kailangang malaman ng estudyante bago niya basahin ang susunod na akda.

## B. MATINDING MOTIBASYON

Ang huli at marahil pinakamalaking sagabal ay ang mismong motibasyon ng estudyanteng magbasa. Sayang lahat ng paghahawan na ginawa sa itaas kung hindi rin pala sila nagbasa. Ano ba ang hinuhubog natin sa kanila kundi ang kakayahang magbasa nang mag-isa nang kritikal at may pagkawili?

Sumusunod ang ilan sa mga maaaring gawin upang gutumin ang mga estudyante sa susunod na babasahin.

1. PERSONAL—Ipaliwanag kung bakit mo ito gusto. Mas gugustuhin ng mga estudyante ang gusto ng kanilang guro, lalo kung gusto nila ang kanilang guro. Halimbawa, pa borito mo ba ito? Ano ang nagustuhan mo rito? Bakit ka bilib dito? Binago ba nito ang buhay mo?
2. AWTOR—Nakahihikayat sa mga tao ang pangarap ng iba. Bakit ito isinulat ng awtor? Ano ang layunin niya? Ano ang nilalabanan niya o isinusulong kaya niya ito isinulat?
3. PATIKIM—Maaaring basahin nang malakas/madula ang isang bahagi ng akda. Katulad ito ng mga *trailer* na patikim sa isang pelikula. Makauugnay ba ako (estudyante) sa paksa? Sa isang tauhan? Sa sitwasyon sa akda? May pamilyar ba na lugar o tao roon?
4. KASAYSAYAN—Kung may kuwento ang mismong akda ng kung paano ito tinanggap ng mga nakaraang henerasyon o kahit ng nakaraang klase lang, makatutulong ito sa pagbibigay ng mga estudyante ng pagkakataon sa akda. Halimbawa, ano ang halaga ng Ibong Adarna sa Pilipinas? Ilang beses na ito ginawang pelikula? May bahagi ba ritong nakatatawa sa mga dati mong estudyante?

## IV. PAGSUBAYBAY sa PROYEKTO

Malaking tulong kung may *portfolio* ang mga estudyante na magpapakita ng mga ginawa/plano nila para sa proyekto. Maaaring lamanin nito ang sumusunod:

- o pangalan ng mga miyembro at tungkulin ng bawat isa
- o mga panuto ng proyekto
- o listahan ng mga hakbang sa proyekto (*checklist*)
- o mga ulat-usad o *progress report*
- o mga plano o kalendaryo ng mga gagawin pa
- o mga aktuwal na sinulat

- o mga nakolektang datos
- o at iba pa

Bigyan sila ng oras na magpulong at mag-usap sa matatas na Filipino. Samantala maaaring mag-ikot ang guro upang subaybayan at payuhan ang mga estudyante.

### RUBRIK ng MABISANG SULATIN

Isa itong *general rubric* (pangkalahatan) na maaaring gamitin sa maraming iba-ibang gawaing pasulat. Lamang ang pangkalahatang rubrik sa paghubog sa mga kasanayan dahil malinaw sa estudyante at guro ang mga kasanayang paulit-ulit na sinisingil. Sa pamantayan (*criterion*) tungkol sa KAHINGIAN magkakaiba-iba ang iba't ibang uri ng sulating ipinagagawa natin sa mga estudyante.

Nakasulat din ito sa antas ng wikang mauunawaan ng estudyante. Bahala na ang gurong palitan ang mga salita ng mas angkop sa kaniyang klase. Halimbawa: mas mauunawaan ba nila at gustuhing makuha ang antas na "Astig!" o "Eksperito" o "Jose Rizal"? Tiyakin lang na nakahihikayat at hindi nakabababa ng kumpiyansa ang mga terminong gagamitin.

	<b>NAPAKAGALING!</b>	<b>NAGAGAWA NA!</b>	<b>MAGSIKAP PA!</b>
<b>WASTO ang balarila.</b>	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkaka-maling hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng sulatin.	May mga pagkaka-maling nakaaapekto sa bisa ng sulatin.
<b>IISA ang tinutungo ng bawat pangungusap. MAAYOS ang daloy. MADULAS basahin. (May KKK.)</b>	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkaka-maling hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng sulatin.	May mga pagkaka-maling nakaaapekto sa bisa ng sulatin.
<b>NAKASUNOD sa mga panuto at iba pang KAHINGIAN ng uri (genre) ng akdang isinusulat.</b>	Nasunod ang lahat ng panuto at kumpleto sa lahat ng salik/elemento ng uri ng akdang isinusulat.	May 1-2 panutong hindi nasunod at/o may ilang salik/elementong hindi naisali.	Maraming panutong hindi nasunod at maraming elementong hindi naisali.
<b>MABISA ang pagkakapahayag sa damdamin at nilalaman ng mensahe sa MADLAng pinag-uukulan.</b>	Di-malilimutan ang sinabi dahil nakaaantig sa damdamin at tumatatak sa isip.	May mga pagkakataong tumatalab sa damdamin at tumatatak sa isip ang sinabi.	Madaling malimutan ang sinabi dahil wala o halos walang talab sa damdamin at hindi tumatatak sa isip.



## RUBRIK ng PAGESASALITA/PAGBIGKAS

Ang sumusunod naman ay isang pangkalahatang rubrik sa pagbigkas. Binuo ito ng mga guro sa unang pagsasanay para sa programang K to 12 ng Baitang 7 noong Abril 30-Mayo 4 2012. Isinaalang-alang dito ang mga mungkahing input ng mga guro mula sa lahat ng rehiyon ng Pilipinas.

Magbabago lamang ang hinihingi sa Alam na Alam ang Sinasabi depende sa gawain. Halimbawa, iba ito kung sinaliksik nilang alamat ang pinabibigkas at kung recitation lamang sa klase.

Mapapansin pa rin ang paggamit ng mga terminong madaling maunawaan ng estudyante. Palitan ayon sa inyong sitwasyon.

	<b>NAPAKAGALING!</b>	<b>NAGAGAWA NA!</b>	<b>MAGSIKAP PA!</b>
<b>TAMA ang BIGKAS sa lahat ng SALITA. (Pronunciation)</b>	Wala o halos walang mali.	May ilang pagkaka-maling hindi labis na nakaaapekto sa bisa ng pagsasalita.	May mga pagkaka-maling nakaaapekto sa bisa ng pagsasalita.
<b>DINIG na DINIG. (Volume)</b>	Dinig na dinig ng buong silid-aralan ang lahat o halos lahat ng sinabi.	Dinig ng buong silid-aralan ang karamihan ng sinabi.	May mga bahaging hindi marinig na nakaaapekto sa bisa ng pagsasalita.
<b>May ANGKOP na DIIN at DAMDAMIN. (Interpretation/Non-verbal Communication)</b>	Nailagay sa isip at damdamin ng madla ang buo o halos buong mensahe at emosyon ng akda.	May mga sandali ng matinding damdamin at malinaw ang mensahe.	Kailangan pang dagdagan ng buhay ang pagsasalita.
<b>Buo ang KUMPIYANSA at NAAABOT ang bawat kausap. (Confidence/Audience Rapport)</b>	Buo ang kumpiyansa at kinakausap talaga ang madla.	May bahagya pang pag-aalangan at may mga bahagi ng madlang kailangan pang abutin.	Matindi pa ang pag-aalangan at maliit pa ang bahagi ng madlang kinausap.
<b>ALAM na ALAM ang SINASABI. (Mastery of Content/Genre Conventions)</b>	Halatang magaling/naghanda sa paksa/gawain.	Magaling/handa sa malaki-laking bahagi ng sinasabi.	May kailangan pang alamin/ensayuhin sa sinasabi.

## Buod ng Linggo 1 at 2

<b>Linggo</b>	1 at 2	<b>Lunsarang Teksto 1</b>	“Batang-bata ka pa” ng APO Hiking Society
<b>Tema</b>	Ang Nagbabagong Ako	<b>Lunsarang Teksto 2</b>	“Ang Sundalong Patpat” ni Virgilio Almario
<b>Batayang Pangnilalaman</b>	<b>Batayang Kakayahan</b>	<b>Lingguhang Tunguhin</b>	
Pag-unawa sa Napakinggan	PN1A	PN1Aa, PN1Ab	
Pagsasalita	PA1A	PA1Aa, PA1Ab	
Pag-unawa sa Binasa	PB1A	PB1Ac, PB1Af, PB1Aa, PB1Be	
Pagsulat	PU1B	PU1Ba, PU1Bb	
Tatas	TA1-4A		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

## LINGGO 1

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Concept web ng pagkabata (10 minuto)	Pakikinig sa awit na “Batang-bata ka pa” (15 minuto)	Talakayan pagkatapos ng pakikinig (20 minuto)	Gumawa ng Venn Diagram tungkol sa iyong pagkabata at ngayong hay iskul ka na (5 minuto)	Pagbabahagi ng mga Venn Diagram (10 minuto)	
Araw 2		Mga tuntunin at kayarian ng talata (15 minuto)	Pagsulat ng mga talata (30 minuto)			Ibahagi sa klase ang isinulat (15 minuto)
Araw 3	Magbahagi ng mga payo ng magulang (15 minuto)				Talakayan tungkol sa buhay hay iskul (15 minuto)	Pagguhit/Paggawa ng isang bagay bilang representasyon ng “buhay hay iskul” (30 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## I. Mga Kagamitan

### Unang Araw

- a. CD player/mp3 player
- b. Concept Map ng salitang "Pagkabata"
- c. Kuwadrang papel na maaaring sulatan ng isang salita
- d. Kopya ng "Batang-bata ka pa"

### Ikalawang Araw

- a. Papel na susulatan ng talata
- b. Papel para sa Venn Diagram

### Ikatlong Araw

- a. Makukulay na papel
- b. Gunting
- c. Pandikit

## II. Pamamaraan

### Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Magpakita ng isang concept map ng salitang "pagkabata." Bawat mag-aaral ay bibigyan ng papel na pagsusulatan nila ng isang salitang maglalarawan sa kanilang pagkabata. Ididikit nila ito sa palibot ng concept map at maaaring magbahagi ang ilang mag-aaral kung bakit ito ang salitang isinulat nila.

- b. Presentasyon (15 minuto)

Bigyan ang bawat mag-aaral ng kopya ng awit na "Batang-bata ka pa" o magpaskil ng kopyang pangklase sa pisara. Patutugtugin ang awit nang dalawang beses upang mapakinggan ng mga mag-aaral.

- c. Pagpapayaman (20 minuto)

Magkaroon ng talakayan tungkol sa pinakinggang awit:

1. Ano ang pamagat ng awit?
2. Tungkol saan ang awit na ito?
3. Paano inilalarawan ng awit na ito ang pagkabata?
4. Sumasang-ayon ka ba sa sinasabi nito?
5. Ano sa tingin mo ang tinutukoy ng awit na "karapatan" kahit bata pa?
6. Ano kaya ang mga bagay na hindi pa nalalaman ng mga bata ayon sa awit?
7. Matapos marinig at mabasa ang awit na ito, may nabago ba sa pagtingin mo sa 'pagka bata'? Ibahagi kung mayroon.
8. Masasabi mo bang tama ang paglalarawan ng awit sa pagkabata? Bakit o bakit hindi?
9. Kung ikaw ay magpapayo sa mas bata sa'yo tungkol sa pagkabata, ano ang sasabihin mo sa kaniya?
10. Kung mabibigyan ka ng pagkakataong baguhin ang isang bahagi ng awit, anong bahagi ang babaguhin mo at bakit ito ang nais mong baguhin?

- d. Pagpapalawig (10 minuto)

Bawat mag-aaral ay gagawa ng isang Venn Diagram tungkol sa mga katangian nila noong sila ay bata pa at ngayong nasa hay iskul na sila. Ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang Venn Diagram.

e. Sintesis (10 minuto)

Ibabahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang ginawa/isinulat. Maaaring piliin na lang ng guro ang unang 10 na matatapos o kung tapos na ang lahat, mamimili ang guro ng sampung magbabahagi sa klase.

Ikalawang Araw

a. Presentasyon (15 minuto)

Tatalakayin ng guro ang mga tuntunin at kayarian ng talata. Magpapakita ang guro ng halimbawa ng talata. Gagamitin niya ang talatang ito upang maipakita sa mga mag-aaral ang tuntunin at kayarian ng talata.

Tuntunin:

- ¥ paggamit ng palugit sa unang linya ng talata
- ¥ paggamit ng wastong bantas
- ¥ pagbabaybay nang wasto

Kayarian:

- ¥ simula
- ¥ gitna
- ¥ wakas

b. Pagpapayaman (30 minuto)

Sa tulong ng ginawa nilang Venn Diagram, susulat ng dalawa hanggang tatlong talata ang mga mag-aaral tungkol sa mga nabago sa kanila mula noong sila ay bata pa na sumusunod sa napag-aralang tuntunin at kaayusan ng talata. Maaari ring magbigay ng komento ang guro o ang mga kaklase sa ginawang talata ng nagbahagi upang mapaunlad at mapahusay pa ang pagsusulat niya ng talata.

c. Pangwakas na Pagtataya (15 minuto)

Ang ilan sa mga mag-aaral ay magbabahagi sa klase ng kanilang isinulat.

Ikatlong Araw

a. Pagganyak (15 minuto)

Magsasabi ang guro ng ilan sa mga payo na makukuha mula sa awit. Pagkatapos, magkakaroon ng maikling talakayan tungkol sa mga payong ibinibigay sa kanila ng mga magulang nila.

Talakayan:

1. Ano ang mga payong ibinibigay sa inyo ng mga magulang ninyo?
2. Nasusunod niyo ba ito? Bakit o bakit hindi?
3. Pareho ba ang mga payo nila noong kayo ay bata pa at ngayong hay iskul na? Kung hindi, paano ito nagkakaiba?

b. Sintesis (15 minuto)

Magkakaroon ng diskusyon tungkol sa kanilang buhay hay iskul.

Talakayan:

1. Ano ang mga inaasahan mong pagbabago ngayong hay iskul ka na?
2. Ano ang mga bagay na hahanap-hanapin mo mula sa iyong pagkabata o noong nasa elementarya ka pa?
3. Ano ang mga plano mong gawin upang makasabay sa mga pagbabagong ito?

c. Pangwakas na Pagtataya (30 minuto)

Bawat mag-aaral ay guguhit o gagawa ng larawan o representasyon ng isang bagay na maaaring sumimbolo sa buhay hay iskul. Bibigyan ang klase ng mga makukulay na papel, pandikit, gunting, at iba pang kagamitan na maaari nilang gamitin sa paggawa ng larawan o representasyon.

Bibig yan sila ng sampung minuto para gawin ito. Ang nalalabing sampung minuto ay ilalaan sa pagbabahagi ng mga mag-aaral. Ipakikita nila sa klase ang kanilang ginawa at ipaliliwanag nila kung bakit ito ang kanilang napili.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## LINGGO 2

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagpapakilala ng Talasalitaan (10 minuto) Palabunutan para sa Readers' Theatre (10 minuto)	Readers' Theatre ng "Ang Sundalong Patpat" (20 minuto)	Talakayan pagkatapos ng pakikinig (15 minuto)			
Araw 2		Talakayan tungkol sa mga elemento ng kuwento (20 minuto)	Paggawa ng character profile ng bawat tauhan sa kuwento at kung ano ang tingin nila sa ulan (25 minuto)			Pagbabahagi ng mga ginawang character profile (15 minuto)
Araw 3			Talakayan tungkol sa mga bagay na kinatatakutan mong gawin o subukin (15 minuto)	Pagsulat tungkol sa mga kinatatakutan (30 minuto)	Pagbabahagi ng isinulat sa kapares (15 minuto)	
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- a. Piraso ng papel na naglalaman ng talasalitaan
- b. Kopya ng akdang "Ang Sundalong Patpat"

Ikalawang Araw

- a. Kartolina
- b. Pentel Pen
- c. Pangkulay
- d. Tsart ng elemento

Ikatlong Araw

- a. Makukulay na Papel
- b. Gunting
- c. Pentel Pen

## II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtataya (10 minuto)

Ipakilala ang mga salita mula sa kuwento gamit ang mga kontekstual na pahiwatig. Maaaring isulat sa pisara ang mga salita at kahulugan.

- Umimbulog -lumipad paitaas

CC: Ang laruang eroplano ay marahang umimbulog sa malakas na hangin.

- Nakatinghas – nakatindig

CC: Laging nakatinghas ang mga balahibo ng pusa niya.

- Tinigpas – pinutol gamit ang patalim

CC: Tinigpas isa-isa ng hardinero ang mga damo sa hardin.

- Sumibad – mabilis na umalis

CC: Sumibad agad ang mga kaibigan ko matapos kumain sa handaan.

- Ipinukol – inihagis

CC: Ang mga maliliit na bulaklak ay ipinukol sa debutante.

- Gusi – malaking banga na karaniwang pinaglalaman ng kayamanan

CC: Hinahanap ng reyna ang gusi na pinaglalaman ng lahat ng kaniyang mga alahas.

- b. Pagganyak (10 minuto)

Bawat mag-aaral ay bubunot ng mga papel na hugis patak-ulan. Bawat patak-ulan ay may bilang mula isa hanggang lima. Maggugupo ang magkakatulad ng bilang. Ito ang magiging grupo nila para sa Readers' Theatre. Bigyan sila ng kopya ng kuwento na nagsasaad ng bahagi na kanilang gagawin. Mayroon silang limang minuto upang maghanda para sa Readers' Theatre.

- c. Presentasyon (20 minuto)

Ang klase ay magkakaroon ng Readers' Theatre ng "Ang Sundalong Patpat" ni Virgilio Almario. Ang akda ay maaaring ipauwi bago ang linggong ito.

### ANG SUNDALONG PATPAT

Rio Alma

**Unang Pangkat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng sampalok. "Saan ka dadalhin ng kabayong payat?" "Hahanapin ko ang nawawalang ulan," sagot ng Sundalong Patpat habang inaayos ang papel na sombrero. "Pero hindi hinahanap ang ulan," nagtatakang nagkamot ng tuktok ang sampalok. "Dumarating ito kung kailan gusto." "Kung gayon, aalamin ko kung bakit matagal nang ayaw dumalaw ng ulan," sagot ng Sundalong Patpat at pinatakbo

ang kaniyang kabayong payat.

**Ikalawang Pangkat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng manok. "Saan ka dadalhin ng kabayong payat?" "Hahanapin ko ang nakalimot na ulan," sagot ng Sundalong Patpat habang nagpupunas ng pawis na tumatagaktak. "Pero hindi hinahanap ang ulan," nagtataakang tilaok ng manok. "Dumarating ito kung tinatawagan at dinadasalan." "Kung gayon, aalamin ko kung bakit matagal nang hindi makarinig ang ulan," sagot ng Sundalong Patpat at pinatakbo ang kaniyang kabayong payat.

**Ikatlong Pangkat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng bundok. "Saan ka dadalhin ng kabayong payat?" "Hinahanap ko ang nawawalang ulan," sagot ng Sundalong Patpat habang hinihimas ang kabayong humihingal. "Matagal nang umalis dito ang ulan," paliwanag ng kalbong bundok. "Nagtago sa pinakamataas na ulap." "Kung gayon, aakyat in ko ang ulap," sabi ng Sundalong Patpat at umimbulo agad sa simoy na pumapagaspas.

**Ikaapat na Pangkat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng ulap. "Saan ka dadalhin ng kabayong payat?" "Hinahanap ko ang nagtatagong ulan," sagot ng Sundalong Patpat habang tinatapik ang nahihilong kabayong payat. "Matagal nang umalis dito ang ulan," paliwanag ng maputlang ulap. "Nagtago sa pusod ng dagat." "Kung gayon, sisisirin ko ang dagat," sabi ng Sundalong Patpat at lumundag pabulusok sa mga alang nakatinghas.

**Ikalimang Pangkat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng dagat. "Saan ka dadalhin ng kabayong payat?" "Hinahanap ko ang nagtatagong ulan," sagot ng Sundalong Patpat at iwinasiwas ang espadang patpat. "Pero hindi nagtatago ang ulan," paliwanag ng nagniningning na dagat. "Ibinilanggo ni Pugita sa kaniyang mutyang perlas." "Kung gayon, papatayin ko si Pugita," sabi ng matapang na Sundalong Patpat. "Palalayain ko ang ulan."

At sinugod ng Sundalong Patpat sakay ng kaniyang kabayong payat ang yungib ni Pugita. Na gulat si Pugita sa biglang pagpasok ng Sundalong Patpat na iwinasiwas ang espadang patpat. Nagulat si Pugita sa liksi at lakas ng maliit na Sundalong Patpat. Nagulat si Pugita sa talim at talas ng kumikislap na espadang patpat.

**Una at Ikalawang Pangkat:** Mabilis at isa-isang tinigpas ng Sundalong Patpat ang malalaki't mahahabang galamay ng mabagal at matabang dambuhala. Isa, dalawa, tatlo. Apat. Lima. Anim. Pito. Walo! Huli na nang magbuga ng maitim na tinta si Pugita. Nasungkit na ng Sundalong Patpat ang mutyang perlas na nakapalawit sa kuwintas ng nalumpong hari ng dagat!

**Ikatlo at Ikaapat na Pangkat:** Hawak ang perlas, dali-daling sumibad patungong pampang ang Sundalong Patpat sakay ng mabilis na kabayong payat. Pag-ahon ay agad niyang ipinukol ang mutyang perlas paitaas, mataas, mataas na mataas, hanggang umabot sa tiyan ng ulap at sumabog na masaganang ulan.

**Ikalimang Pangkat:** Nagbunyi ang buong daigdig. Sumupling muli't naglaro ang mga damo't dahon. Nagbihis ng lungtian ang mga bukid at bundok. Muling umawit ang mga ibon at ilog...

**Lahat:** "Saan ka pupunta, O, Sundalong Patpat," tanong ng sampalok. "Saan ka na naman dadalhin ng kabayong payat?" "Hahanapin ko ang gusi ng ginto sa puno ng bahaghari," sagot ng makisig na Sundalong Patpat at pinatakbo ang makisig na kabayong payat.

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Magkakaroon ng talakayan tungkol sa akdang "Ang Sundalong Patpat" :

1. Sino ang pangunahing tauhan sa ating kuwento?
2. Sino ang kaniyang kasama?
3. Ano ang hinahanap niya?
4. Bakit kaya niya ito hinahanap?
5. Sino-sino ang mga napagtanungan niya? Ano ang mga sinagot nila? Isa-isahin.
6. Kung ikaw ang sundalong patpat, maniniwala ka ba agad sa mga sinabi nila?
7. May mga bagay din ba kayong hinahanap? Ano ang mga ito?
8. Saan niya natagpuan ang hinahanap niya?
9. Madali niya ba itong nakuha? Ano ang ginawa niya?
10. Kung ikaw ang sundalong patpat, magpupursigi ka rin ba para lang maibalik ang ulan?
11. Bakit kaya kinuha ng pugita ang perlas?
12. Ano kaya ang naramdaman ng sundalong patpat matapos niyang maibalik ang ulan?
13. Natapos na ba ang paglalakbay niya?
14. Bakit kaya gustong-gusto niyang maglakbay?
15. Ano ang mga nais ninyong mahanap o mapuntahan sa inyong buhay? Bakit?

Ikalawang Araw

a. Presentasyon (20 minuto)

Magpakita ng isang tsart na kailangang punan ng klase. Itanong ang mga sumusunod na tanong kaugnay ng tsart na ipinakita.

Talakayan:

1. Saan kaya naganap ang kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Ano ang naging suliranin sa kuwento?
4. Paano ito nalutas?

Isusulat sa tsart ang mga sagot ng mag-aaral.

Tanong	Sagot	Elemento
Saan kaya naganap ang kuwento?		
Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?		
Ano ang naging suliranin sa kuwento?		
Paano ito nalutas?		

Matapos sagutin ang mga tanong at maisulat ito sa tsart, susubukin ng mga mag-aaral na tukuyin kung anong elemento ng kuwento ang ipinapakita ng mga sagot nila. Kapag natukoy na ang mga elemento, babalikan ang mga tanong upang malaman ang ibig sabihin ng bawat elemento. Bigyang tuon sa pagtalakay ang mga tauhan ng kuwento.



b. Pagpapayaman (25 minuto)

Bubuo ang klase ng anim na grupo. Bawat grupo ay bubunot ng papel mula sa guro na naglalaman ng tauhan sa kuwento. Ang mabubunot nilang tauhan ay gagawan nila ng character profile. Lalamanin ng character profile na ito ang larawan at pangalan ng tauhan. Kasama nito ang kanilang mga sagot sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang tingin mo sa ulan? Ano ang katangian nito? (Halimbawa: Ang ulan ay dumarating lamang kapag dinasalan o tinawag.)
2. Paano mo nasabi? (Halimbawa: Dahil ang tingin niya sa ulan ay parang Diyos na kailangang dasalan o tawagin bago dumating.)

Bibigyan ang mga grupo ng mga kagamitan na maaari nilang gamitin sa paggawa ng masining na mga profile.

c. Pangawakas na Pagtataya (15 minuto)

Ibabahagi ng bawat grupo ang ginawa nilang character profile. Lalagumin ng guro ang napag-usapan bago matapos ang klase.

Ikatlong Araw

a. Pagpapalawig (15 minuto)

Magkaroon ng talakayan tungkol sa mga bagay na kinatatakutan nila:

1. Ano ang mga bagay na kinatatakutan mong gawin o subukin? Bakit?
2. Bukas ka bang subukin ito isang araw? Bakit o bakit hindi?

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Pasulatin ang mga mag-aaral tungkol sa isang bagay na kinatatakutan nilang subukin at kung paano mawawala ang takot na ito.

c. Pangwakas na Pagtataya (15 minuto)

Maghahanap ng kapares ang bawat mag-aaral at ibabahagi nila ang kanilang isinulat. Maaari ding magbigay ang bawat isa ng mga "tips" kung paano mawawala ang kanilang takot at masusubukan ang mga bagay na nais nilang subukin. Matapos ang ilang araw, maaaring mag-usap muli ang magkapares upang ibahagi ang karanasan nila sa pagsubok ng bagay na kinatatakutan nila.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## Buod ng Linggo 3 at 4

<b>Linggo</b>	3 at 4	<b>Lunsarang Teksto 1</b>	“Isang Dosenang Klase ng High School Student” mula sa Aklat na “ABNKKBSNPLAko” ni Bob Ong
<b>Tema</b>	Nagbabagong Ako	<b>Lunsarang Teksto 2</b>	“Sandaang Damit” ni Fanny Garcia
<b>Batayang Pangnilalaman</b>	<b>Batayang Kakayahan</b>	<b>Lingguhang Tunguhin</b>	
Pag-unawa sa Napakinggan	PN1A, PN1B	PN1Ab, PN1Ba, PN1Bd	
Pagsasalita	PA1A, PA1B	PA1Aa, PA1Ab, PA1Ac, PA1Ad, PA1Ae, PA1Bc, PA1Bd	
Pag-unawa sa Binasa	PB1A, PB1B	PB1Aa, PB1Ab, PB1Ac, PB1Ad, PB1Af, PB1Ca, PB1Cb, PB1Cd	
Pagsulat	PU1A	PU1Ac, PU1Ad	
Tatas	TA1-4A		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

## LINGGO 3

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Human Bingo (15 minuto)	Pagbasa ng “Isang Dosenang Klase ng Highschool Student” (20 minuto)	Talakayan hinggil sa akda (20 minuto)			
Araw 2				Talakayan tungkol sa stereotyping, pagkakaroon ng sari-	Isang bagay na sumi-simbolo o naglalarawan sa	

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
				sariling katangian (20 minuto)	iyong sarili (40 minuto)	
Araw 3						Pagkilala at paggawa ng talata na naglalarawan gamit ang mga simpleng pang-uri (payak na paglalarawan) (60 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## I. Mga Kagamitan

- Mga human bingo card (isa para sa bawat mag-aaral)
- Kopya ng akdang "Isang Dosenang Klase ng High School Student"

## II. Pamamaraan

### Unang Araw

- Panimulang Pagtaya at Pagganyak (15 minuto)

Bigyan ng tig-isang human bingo card ang mga mag-aaral. Pagkatapos ay ibigay sa kanila ang panuto:

Lumibot kayo sa klasrum at magtanong-tanong sa mga kaklase kung sino ang nakagawa na, o kaya ay ang inilalarawan ng mga nakasaad sa bawat kahon ng bingo card. Kapag may nahanap kayo, papirmahin siya sa kahon. Ang pinakamaunang maka-"blackout" ay siyang panalo.

- Presentasyon ng Akda (20 minuto)

Bigyan ng kopya ng akda ang bawat mag-aaral. Ipabasa ito sa kanila nang tahimik.

- Pagpapayaman (25 minuto)

May 12 klase ng estudyanteng inilarawan sa akda. Pagpangkat-pangkat sila ayon sa pag-uuring ginawa sa akda. (i. e., magsama-sama ang mga clowns, geeks, anak ni Rizal, atbp.) Pagkatapos ay isa-isahin ang bawat grupo. Ipabasa nang malakas sa kanila ang deskripsiyon nila sa akda.

Humingi ng puna o feedback sa ibang grupo kung lahat nga ng nasa grupong nagbasa ay naba-bagay talaga sa pangkat na iyon. (Sang-ayon ba kayo na clowns nga silang lahat? Na geeks silang lahat? Na anak ni Rizal silang lahat? Bakit?)

Bago matapos ang klase, magbigay ng takdang-aralin sa kanila bilang paghahanda sa susunod na araw: iisip sila ng isang bagay na simbolo o naglalarawan ng kanilang sarili at humanda sa pagbabahagi sa klase ng tungkol dito.

#### Ikalawang Araw

##### a. Pagpapalawig (20 minuto)

Magkaroon ng talakayan tungkol sa akdang binasa noong Unang Araw

1. Ano ang inyong reaksyon sa inyong binasa? Natuwa ba kayo? Nagustuhan ninyo? Sang-ayon ba kayo sa mga sinabi roon? Pangatwiran.
2. Ano ang stereotyping? (Magbigay ng mga kongkretong halimbawa ng pag-ii-stereotype upang maging malinaw sa mga mag-aaral kung ano ito. Halimbawa: Kapag nakasalaman sa mata ang isang tao, ano ang karaniwang iniisip ninyo tungkol sa kaniya? Kapag naka-pink na damit ang isang lalaki, ano ang dating sa inyo?)
3. Iugnay ninyo ang stereotyping sa akdang inyong binasa. Sang-ayon ba kayo sa pag-uuri-uri ng mga tao, gaya ng inyong nabasa? Ano-ano ang mga maaaring maging epekto ng stereotyping sa mga tao? Isa-isahin at ipaliwanag.
4. Anong maganda o makabuluhang kaisipan ang mabubuo ninyo matapos ang ating pagbasa at talakayan? Ipahayag ninyo sa isang pangungusap.

##### b. Sintesis (40 minuto)

Sabihan ang mga mag-aaral na magpakilala sa mga kaklase sa pamamagitan ng paglalarawan ng isang bagay na sumisimbolo sa kanila. Tawagin sila isa-isa upang magsalita. Sapat na ang isa hanggang dalawang pangungusap na paglalarawan sa bawat estudyante.

#### Ikatlong Araw

##### a. Pangwakas na Pagtataya (60 minuto)

Ipaalala sa mga mag-aaral ang huling gawain noong nakaraang araw: ang pagpapakilala ng bawat isa (sintesis). Dapat ay tumatak sa isip nila ang mga sinabi ng kanilang mga kaklase dahil makatutulong ito para lalo pa nilang makilala ang isa't isa. Para masukat kung nakinig nga sila sa gawain, sila ay magsusulat ng mga pangungusap na naglalarawan tungkol sa kanilang mga kaklase. Gagamit sila ng mga pang-uri at pang-abay sa pagsusulat. Dapat ay makasulat ang isang mag-aaral tungkol sa 5 kaklase, 2-3 pangungusap bawat kaklase.

#### Ikaapat na Araw

##### a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## LINGGO 4

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagtukoy sa kahulugan ng salita ayon sa konteksto ng pangungusap  Pagbibigay ng mga ideya tungkol sa “bullying”	Ginabayang pagbasa at talakayan	Ginabayang pagbasa at talakayan			
Araw 2				Talakayan at pagsasaulat tungkol sa iba’t ibang taong karaniwang biktima ng diskriminasyon sa lipunan	Paggawa ng bookmark	
Araw 3		Mga idyoma, simili at metapora				Pagbuo ng akrostiks
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

### I. Mga Kagamitan

- Kopya ng akdang “Sandaang Damit”
- Kartolina/manila paper para sa panimulang pagtaya (talasalitaan)
- Scotch tape
- Larawang nagpapakita ng “bullying”

### II. Pamamaraan

#### Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (10 minuto)  
Isulat sa pisara ang mga sumusunod na salita:

teheras  
paanas  
mapakagat-labi  
walang-imik

pupitre  
abaloryo  
pambubuska  
pagyayabang

1. Madalas na nag-iisa sa isang sulok at \_\_\_\_\_ ang batang babae.
2. Mahina at \_\_\_\_\_ pa kung ito'y magsalita.
3. Kung minsa'y di bahagyang sulyapan ang mga pagkaing nasa ibabaw ng \_\_\_\_\_ ng kaniyang mga kaklase.
4. Tumindi ang \_\_\_\_\_ at panlalait ng mga kaklase sa batang babae.
5. Punung-puno ng maliliit, makikinang, at makukulay na \_\_\_\_\_ ang damit ng batang babae.
6. Nakadispley sa \_\_\_\_\_ ang sari-saring damit ng batang babae.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga pangungusap nang isa-isa. Papiliin sila ng salitang akma sa bawat pangungusap, mula sa kahon. Ibigay sa klase ang kahulugan ng mga salita ayon sa gamit nito sa pangungusap.

b. Pagganyak (5 minuto)

Magpaskil sa pisara ng larawan ng bullying. Tanungin ang mga mag-aaral:

- Alam ba ninyo kung ano ang bullying?
- Mayroon na ba sa inyong nakaranas nang ma-bully?

c. Presentasyon at Pagpapayaman ng Teksto (25 minuto)

Magtawag ng mga estudyanteng magbabasa nang malakas sa bawat bahagi ng kuwento (pinutol ng mga gabay na tanong ang kabuuan ng kuwento). Hihinto sa pagbasa sa bawat tanong na isiningit. Tumawag ng mga estudyanteng nais sumagot sa tanong. Pagkatapos ay tumawag ng iba namang estudyante para magbasa ng susunod na bahagi ng kuwento. Ulitin ang proseso hanggang matapos.

### **Sandaang Damit**

ni Fanny Garcia

May isang batang mahirap. Nag-aaral siya. Sa paaralan ay kapansin-pansin ang kaniyang pagiging walang-imik. Malimit siyang nag-iisa. Laging nasa isang sulok. Kapag nakaupo na'y tila ipinagkit. Laging nakayuko, mailap ang mga mata, sasagot lamang kapag tinatawag ng guro. Halos paanas pa kung magsalita.

Naging mahiyain siya sapagkat maaga niyang natuklasang kaiba ang kaniyang kalagayan sa mga kaklase. Ipinakita at ipinabatid nila iyon sa kaniya. Mayayaman sila. Magaganda at iba-iba ang kanilang damit na pamasok sa paaralan. Malimit nila siyang tuksuhin sapagkat ang kaniyang damit, kahit nga malinis, ay halatang luma na, palibhasa'y kupasin at punong-puno ng sulsi.

### **Ilarawan ang pisikal at emosyunal na kalagayan ng batang babae.**

Kapag oras na ng kainan at labasan na ng kani-kanilang pagkain, halos ayaw niyang ilitaw ang kaniyang baon. Itatago niya sa kandungan ang kaniyang pagkain, pipiraso ng pakonti-konti, tuloy subo sa bibig, mabilis upang hindi malaman ng mga kaklase ang kaniyang dalang pagkain. Sa sulok ng kaniyang mata ay masusulyapan niya ang mga pagkaing nakadispley sa ibabaw ng pupitre ng mga kaklase: mansanas, sandwiches, kending may iba-ibang hugis at kulay na pambalot na palara.

Ang panunukso ng mga kaklase ay hindi nagwawakas sa kaniyang mga damit. Tatangkain nilang silipin kung ano ang kaniyang pagkain at sila'y magtatawanan kapag nakita nilang ang kaniyang baon ay isa lamang pirasong tinapay na karaniwa'y walang palaman. Kaya lumayo siya sa kanila. Naging walang kibo. Mapag-isa.

### **Bakit naging malulungkutin at walang-kibo ang batang babae?**

Ang nangyayaring ito'y hindi naman lingid sa kaniyang ina. Sa bahay ay di minsan o makalawa siyang umuwing umiiyak dahil sa panunukso ng mga kaklase, at siya'y magsusumbong. Mapapakagat-labi ang kaniyang ina, matagal itong hindi makakakibo, at sabay haplos nito sa kaniyang buhok at paalong sasabihin sa kaniya, hayaan mo sila anak, huwag mo silang pansinin, hamo, kapag nakakuha ng maraming pera ang iyong ama, makakapagbaon ka na rin ng masasarap na pagkain, mabibili na rin kita ng maraming damit. At lumipas pa ang maraming araw. Ngunit ang ama'y hindi pa rin nakapag-uwi ng maraming pera kaya ganoon pa rin ang kanilang buhay. Ngunit ang bata'y unti-unting nakaunawa sa kanilang kalagayan. Natutuhan niyang makibahagi sa malaking suliranin ng kanilang pamilya. Natutuhan niyang sarilinin ang pagdaramdam sa panunukso ng mga kaklase. Hindi na siya umuwing umiiyak. Hindi na siya nagsusumbong sa kaniyang ina.

### **Ano sa iyong palagay ang estado sa buhay ng pamilya ng batang babae?**

#### **Patunayan ang iyong sagot.**

Sa kaniyang pagiging tahimik ay ipinalalagay ng kaniyang mga kaklase na siya'y kanilang talun-talunan kaya lalong sumidhi ang kanilang pambubuska. Lumang damit. Di masarap na pagkain. Mahirap. Isinalaksak nila sa kaniyang isip.

Hanggang isang araw ay natuto siyang lumaban.

Sa buong pagtataka nila'y bigla na lamang nagkatinig ang mahirap na batang babaeng laging kupasin, puno ng sulsi, at luma ang damit, ang batang laging kakaunti ang baong pagkain. Yao'y isa na naman sanang pagkakataong walang magawa ang kaniyang mga kaklase at siya na naman ang kanilang finutukso.

"Alam n'yo," aniya sa malakas at nagmamalakiing tinig, "ako'y may sandaang damit sa bahay." Nagkatinginan ang kaniyang mga kaklase, hindi sila makapaniwala. "Kung totoo 'ya'y ba't lagi na lang luma ang suot mo?" Mabilis ang naging tugon niya, "Dahil iniingatan ko ang aking sandaang damit. Ayokong maluma agad."

### **Naniniwala ka bang may sandaang damit ang batang babae? Bakit oo? Bakit hindi?**

"Sinungaling ka! Ipakita mo muna sa'min para kami maniwala!" lisang tinig na sabi nila sa batang mahirap.

"Hindi ko madadala rito. Baka makagalitan ako ni Nanay. Kung gusto n'yo'y sasabihin ko na lang kung ano ang tabas, kung ano ang tela, kung ano ang kulay, kung may laso o bulaklak."

At nagsimula na nga siyang maglarawan ng kaniyang mga damit. Ayon sa kaniya'y may damit siya para sa iba-ibang okasyon. May damit siyang pambahay, pantulog, pampaaralan, pansimbahan, at iba pa.

Naging mahaba ang kaniyang pagkukuwento. Paano'y inilarawan niya hanggang kaliit-liitang detalye ng bawat isa sa kaniyang sandaang damit. Tulad halimbawa ng isang damit na pandalo niya sa pagtitipon. Makintab na rosas ang tela nito na sinabugan ng pinaggupit-gupit na mumunting bulaklak at makikislap na rosas at puting abaloryo. Bolga ang manggas. May tig-isang malaking laso sa magkabilang balik. Hanggang sakong ang haba ng damit.

- kaya'y ang kaniyang dilaw na pantulog na may prutas sa kuwelyo, manggas, at laylayan.
- ang kaniyang puting pansimba na may malapad na sinturon at malalaking bulsa.

Mula noo'y naging kaibigan niya ang mga kaklase. Ngayo'y siya ang naging tagapagsalita at sila naman ang kaniyang tagapakinig. Lahat sila'y natutuwa sa kaniyang kuwento tungkol sa sandaang damit. Nawala ang kaniyang pagkamahiyain. Naging masayahin siya bagaman patuloy pa rin ang kaniyang pamamayagat kahit ngayo'y nabibigyan nila siya ng kapisaso ng kanilang baong mansanas o sandwich, isa o dalawang kendi.

Ngunit isang araw ay hindi pumasok sa klase ang mahirap na batang babaeng may sandaang damit. Saka ng sumunod na araw. At nang sumunod pa. At pagkaraan ng isang linggong hindi niya pagpasok ay nabahala ang kaniyang mga kaklase at guro.

### **Ano sa iyong palagay ang nangyari sa batang may sandaang damit? Bakit kaya siya hindi nakakapasok sa eskuwela?**

Isang araw ay nagpasya silang dalawin ang batang matagal na lumiban sa klase. Ang natagpuan nilang bahay ay sira-sira at nakagiray na sa kalumaan.

Sumungaw ang isang babaeng payat, iyon ang ina ng batang mahirap. Pinatuloy sila at nakita nila ang maliit na kabuuan ng kabahayan na salat na salat sa anumang marangyang kasangkapan. At sa isang sulok ay isang lumang teheras at doon naratay ang batang babaeng may sakit pala. Ngunit sa mga dumalaw ay di agad ang maysakit ang napagtuunang-pansin kundi ang mga papel na maayos na maayos na nakahanay at nakadikit sa dingding na kinasasandigan ng teheras. Lumapit sila sa sulok na yaon at nakita nilang ang mga papel na nakadikit sa dingding ay ang drowing ng bawat isa sa kaniyang sandaang damit. Magaganda, makukulay. Naroong lahat ang kaniyang naukuwento. Totoo't naroon ang sinasabi niyang rosas na damit na pandalo sa pagtitipon. Naroon din ang drowing ng kaniyang pantulog, ang kaniyang pansimba, ang sinasabi niyang pamasok sa paaralan na kailanma'y hindi nasilayan ng mga kaklase dahil ayon sa kaniya'y nakatago't iniingatan niya sa bahay.

Sandaang damit na pawang iginuhit lamang.

### **Ano ang iyong naging damdamin sa wakas ng kuwento? Bakit ganito ang iyong naramdaman? Alam ba ninyo kung ano ang diskriminasyon? Iugnay ninyo ito sa kuwento.**

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Matapos ang maikling talakayan sa klase, ipagawa ang sumusunod (maaaring pangkatan o di kaya ay indibidwal na gawain):

1. Ipatukoy sa klase ang mga pagbabago o transpormasyong naganap sa pangunahing tauhan mula sa simula ng kuwento hanggang katapusan. Linawin na ang pagbabagong kailangan nilang maibigay ay nakatuon sa pagbabago ng ugali, pagtingin sa sarili, at pagtingin sa kaniyang kalagayan sa buhay.
2. Pagkatapos, ipakita nila ang transpormasyong ito sa pamamagitan ng pagguhit ng iba't ibang klase ng damit na kakatawan sa mga yugto ng pagbabago sa batang babae.
3. Hayaang makapagbahagi ang klase.
4. Sa gawaing ito, maaaring sundin ang sumusunod:
  - a. Matapos nating marinig ang kuwento ng batang babae at ang tungkol sa kaniyang isang daang damit, tukuyin o di kaya'y isa-isahin ang mga pagbabago sa ugali, pananaw ng bata sa kaniyang sarili, at sa pagtingin niya sa kaniyang kalagayan sa buhay. (Maaaring humingi ng ilang halimbawa sa mga estudyante at isulat sa pisara)
  - b. Ipakita ninyo ang mga pagbabagong ito sa pamamagitan ng pagguhit ng iba't ibang klase ng damit na kakatawan sa transpormasyong naganap sa kaniyang buhay.
  - c. Ibahagi sa klase ang inyong gawain.



## Ikalawang Araw

### a. Pagpapalawig (45 minuto)

Talakayan. Alam ba ninyo kung ano ang diskriminasyon? Iugnay ninyo ito sa kuwento.

1. Paano ipinakita ng may-akda na naging biktima ng diskriminasyon ang batang babae? Ipaliwanag nang mabuti sa klase ang sagot sa pamamagitan ng paglalahad ng mga tiyak na pangyayari.
2. Sa iyong palagay, naging matagumpay ba ang awtor sa pagpapalutang ng ganitong ideya sa kaniyang akda? Bakit mo ito nasabi?

Pangkatang Gawain. Hatiin ang klase sa 4. Bawat pangkat ay magdudula-dulaan tungkol sa iba't ibang uri ng diskriminasyon sa lipunan:

Grupo 1 – Diskriminasyon sa kulay/lahi

Grupo 2 – Diskriminasyon sa katayuang sosyoekonomiko (mahirap)

Grupo 3 – Diskriminasyon sa relihiyon

Grupo 4 – Diskriminasyon sa kasarian (bakla, tomboy)

Bigyan ng 8-10 minutong paghahanda ang mga grupo bago sila ipagtanghal.

### b. Sintesis (15 minuto)

Pagawain ng bookmark ang mga estudyante tungkol sa mensahe ng tekstong kanilang binasa. Isulat sa pisara ang mga kakailanganin sa bookmark.

1. Sa harap ng bookmark, ipasulat ang mensahe ng akda.
2. Sa likod, pasulatin ng isang paalala ang mga estudyante tungkol sa malaking responsibilidad ng bawat isa upang tuluyan nang mawala ang di-pantay na pagtingin sa kapwa.
3. Palagyan ng disenyo ang mga bookmark.
4. Hayaang magpalitan ng gawain ang mga estudyante.

## Ikatlong Araw

### a. Presentasyon (45 minuto)

Pagtuturo ng Idyoma

Maghanda ng mga piraso ng manila paper/kartolina kung saan nakasulat ang: 10 idyoma at 10 kahulugan ng idyoma. (Halimbawa: bahag ang buntot – duwag, may gatas pa sa labi – bata pa, etc.) Ibigay ang mga piraso ng papel sa mga mag-aaral (random). Bigyan sila ng pagkakataong hanapin ang kapareha nila (idyoma at kahulugan nito ang bubuo sa bawat pares). Pag nahanap na nila, dapat nilang gamitin sa pangungusap ang idyoma. Talakayin ang konsepto ng idyoma.

Pagtuturo ng Simili at Metapora

Balikan ang mga nabuong pangungusap ng klase: sabihan ang bawat isa na ikumpara ang kanilang sarili sa isang bagay. Mula rito, italakay ang simili at metapora.

### b. Pangwakas na Pagtataya (15 minuto)

Sa kalahating intermediate paper, ipalarawan sa mga estudyante ang naging buhay ng pangu-nahing tauhan sa pamamagitan ng pagbuo ng akrostiks. Ipaalalang sa kanilang paglalarawan, kailangang gumamit ng mga idyoma at tayutay na angkop sa pinagdaanang buhay ng batang babae.

## Ikaapat na Araw

### a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

B  
A  
T  
A  
  
D  
A  
M  
I  
T

**Buod ng Linggo 5 at 6**

<b>Linggo</b>	5 at 6	<b>Lunsarang Teksto 1</b>	"Kung Bakit Umuulan" (Kuwentong Bayan)
<b>Tema</b>	Ang Nagbabagong Ako	<b>Lunsarang Teksto 2</b>	"Alamat ni Tungkung Langit" ni Roberto Añonuevo
<b>Batayang Pangnilalaman</b>	<b>Batayang Kakayahan</b>	<b>Lingguhang Tunguhin</b>	
Pag-unawa sa Napakinggan	PN1B	PN1Bb	
Pagsasalita	PA1A	PA1Af	
Pag-unawa sa Binasa	PB1A, PB1B	PB1Af, PB1Ag, PB1Bc, PB1Bd, PB1Be	
Pagsulat	PU1B	PU1Bf	
Tatas	TA1-4A		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

**LINGGO 5**

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagbibigay ng mga halimbawa ng paglalarawan (20 minuto)	Pagbasa ng "Kung Bakit Umuulan" (15 minuto)	Talakayan hinggil sa kuwento (20 minuto)			

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayan	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
	Pagganyak tungkol sa alamat (5 minuto)					
Araw 2			Pang-grupong talakayan tungkol sa mga bagay na ayaw ipagawa sa kanila dahil sa edad o sa pagiging bata (30 minuto)	Paggawa ng poster ng bawat grupo (30 minuto)		
Araw 3				Pagpupulido ng poster na ginawa noong nakaraang araw at paghahanda para sa presentasyon (10 minuto)	Presentasyon ng mga poster (30 minuto)	Talakayan tungkol sa kaugnayan ng mga ginawa nilang poster at ang kuwento (20 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng akdang "Kung Bakit Umuulan"

Ikalawang Araw

- Cartolina, craft paper, o Manila paper para sa poster
- Lumang magazine at diyaryo, art paper, krayola at iba pang pangkulay para sa poster

## II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (20 minuto)

Magbigay ng halimbawa ng payak at masining na paglalarawan gamit ang salitang hangin. Pagkatapos, himukin ang klase na subuking magbigay ng kanilang sariling halimbawa ng payak at masining na paglalarawan para sa nasabing salita.

hal.

Payak na paglalarawan

- o Banayad na hangin
- o Malamig na hangin
- o Kanluraning hangin

Masining na paglalarawan

- o Naglalambing na hangin
- o Nagbabagang hangin
- o Dayuhang hangin

Hatiin ang klase sa limang grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isa sa limang salitang ito:

1. langit
2. araw
3. ulap
4. buwan
5. ulan

Pagkatapos, ipaliwanag na ang bawat grupo ay maglilista ng mga payak na paglalarawan at masining na paglalarawan ng salitang naiatas sa kanila. Maaaring gawin ang paglilista ng mga grupo sa pisara (hahatiin sa lima ang pisara at doon maglilista ang mga mag-aaral) o maaari ring bigyan ang bawat grupo ng Manila paper. Sabihin sa kanila na hindi lamang ang dami ng paglalarawan ang titingnan kundi ang kalidad nito. Himukin ang mga mag-aaral na mag-isip ng mga masining na paglalarawan na hindi ginagamit ang salitang ibinigay sa kanila (hal. ulan - luha ng langit).

Talakayin sa klase ang inilista ng bawat grupo. Narito ang ilang gabay sa pagtalakay ng mga inilistang paglalarawan:

- o Pansinin ang mga paglalarawan na maaaring hindi wasto ang pagkakahayanay (hal., payak na paglalarawan na nakasulat sa masining na paraan). Iminumungkahing tanungin sa klase kung bakit kaya hindi naging masining/payak ang paglalarawan. Maaari ditong tanungin kung ano sa tingin nila ang katangian ng isang payak at isang masining na paglalarawan.
- o Pansinin rin ang mga katangi-tanging paglalarawang inilista. Tanungin sa klase kung bakit kaya naging epektibo ang paglalarawan na iyon.
- o Sa dulo ng talakayan, tanungin sa klase kung bakit kaya kinailangan ng mga taong gumamit ng payak at masining na paglalarawan.

b. Pagganyak (10 minuto)

Ipaliwanag na hindi lamang paglalarawan ang kinailangan ng mga tao ukol sa mga bagay sa paligid nila. Sinasagot ng paglalarawan ang tanong na ano, kailan, saan, at paano. Kinailangan rin nilang bumuo ng mga kuwento tungkol sa pinagmulan ng mga bagay upang sagutin ang tanong na bakit: Bakit umuulan? Bakit mataas ang langit?

Himukin ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga alam nilang alamat o kuwento tungkol sa mga salitang inilarawan nila.

Pagkatapos, ihanda ang klase sa isang pagbabahagi ng kuwento tungkol sa ulan.

c. Presentasyon (10 minuto)

Ikuwento sa klase ang "Kung Bakit Umuulan."

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Pagkatapos ng kuwento ay alamin kung ano ang opinyon dito ng inyong klase. Pagkatapos, maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong upang magabayan ang inyong talakayan hinggil sa kuwentong 'Kung Bakit Umuulan.'

1. Ilarawan ang relasyon ni Tungkung-Langit at Alunsina.
2. Ano-ano ang mga inaasahan ng bawat tauhan sa kanilang kabiyak?
3. Paano tinugunan ng magkabiyak ang mga inaasahang ito? Makatarungan ba ang kanilang naging pagtugon?
4. Sino sa tingin ninyo ang may higit na makatarungang ikinilos? Bakit?

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (30 minuto)

Hatiin ang klase sa grupong kinabibilangan ng lima hanggang anim na miyembro para sa isang panggrupong talakayan. Narito ang ilang mga tanong na maaaring gamitin upang magabayan ang mga mag-aaral sa kanilang talakayan.

1. Magbahagi ng ilang karanasan kung saan mayroong ayaw ipagawa sa inyo dahil sa inyong edad, ngunit nakatitiyak kayo na sapat na ang inyong kakayahan o karanasan upang magawa ito.
2. Ano ang inyong naramdaman sa karanasang iyon?
3. Ano ang inyong naging tugon sa karanasang iyon?

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Pagkatapos ng panggrupong talakayan, magbigay ng mga materyales sa bawat grupo para sa paggawa ng isang poster. Lalamanin ng poster ang isang mensahe hinggil sa kanilang mga napag-usapan sa kanilang talakayan.

Ikatlong Araw

a. Pagpapalawig (10 minuto)

Bigyan ang mga grupo ng maigsiing oras upang puliduhin ang kanilang mga poster na ginawa noong ikalawang araw, at upang maghanda sa pagbabahagi ng kanilang gawa sa klase.

b. Sintesis (30 minuto)

Hayaang ibahagi ng lahat ng grupo ang ginawa nilang poster, gayundin, himukin silang ibahagi ang ilan sa kanilang mga napag-usapan sa talakayan.

c. Pangwakas na Pagtataya (20 minuto)

Pagkatapos magbahagi ng bawat grupo, ipaalala sa kanila ang kuwento ng "Kung Bakit Umuulan" at talakayin ang kaugnayan ng kanilang mga ibinahagi at ang karanasan ni Alunsina. Maaaring gamitin ang sumusunod na mga tanong upang magabayan ang inyong talakayan.

1. Ano-ano ang mga pagkakapareho ng inyong karanasan sa naging karanasan ni Alunsina sa kuwento?
2. Paano ninyo nilutas ang inyong mga naranasang paghahadlang na iba sa paraang ginawa ni Alunsina?

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## LINGGO 6

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Talasalitaan (10 minuto)  Gumawa ng banghay ng “Kung Bakit Umuulan” (15 minuto)	Pagbasa ng “Alamat ni Tungkung Langit” (15 minuto)	Paggawa ng banghay at talakayan (20 minuto)			
Araw 2			Ipaghambing ang mga katangian ni Tungkung Langit at Alunsina sa dalawang kuwento (20 minuto)	Talakayan (may banggit ng kasarian) (20 minuto)	Paghambingin ang inaasahan sa iyong kasarian at ang sarili mong katangian (20 minuto)	
Araw 3					Pagsusulat ng sanaysay hinggil sa kasarian (50 minuto)	Pagbabahagi ng ilang isinulat na sanaysay (10 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

### I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- a. Kopya ng akdang “Alamat ni Tungkung Langit”

Ikalawang Araw

- a. Lapis at papel

### II. Pamamaraan

Unang Araw

- a. Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Talasalitaan. Isulat sa pisara ang mga sumusunod na pangungusap. Pahulaan sa mga mag-aaral, gamit ang konteksto ng pangungusap, ang kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit. Pagkapos ng bawat bilang, humingi sa mga mag-aaral ng mga pangungusap na ginagamit ang mga talasalitaan.

1. Napapatigalgal si Tungkung Langit tuwing maririnig ang aking tinig.
2. Madalas akong gumawi sa aming pasigan, at manalamin sa malinaw na tubig habang sinusuklay ang mabangong buhok.
3. At ang pag-iral na yaon ang sinasagkaan ng aking pinakamamahal.

4. Subalit pinatititikan ko siya sa dayaray upang mabatid ang kaniyang paroroonan.

5. Naghunos na mga bituin ang mga hiyas ko't mutya.

b. Introduksiyon (15 minuto)

Banggiting muli ang kuwentong binasa nila noong nakaraang linggo ("Kung Bakit Umuulan"). Bumuo ng simpleng banghay ng kuwento sa pisara, kasama ang inyong mga estudyante. Maaaring gawin ito sa anyo ng isang flowchart, upang higit na makatulong sa mangyayaring talakayan. Pagkatapos, ipakilala ang akda para sa araw na ito. Sabihin na isa itong muling pagsasalaysay ng kuwento ni Alunsina at ni Tungkung Langit. Hingin sa mga mag-aaral na pansinin ang mga pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang akda habang nakikinig sila sa iyong pagkukuwento.

b. Presentasyon (15 minuto)

Ikuwento ang "Alamat ni Tungkung Langit" na muling isinalaysay ni Roberto Añonuevo.

c. Pagpapayaman (20 minuto)

Sa tabi o sa ibaba ng banghay ng "Kung Bakit Umuulan," gumawa ng banghay ng kuwentong "Alamat ni Tungkung Langit."

Magkaroon ng talakayan tungkol sa kuwento. Narito ang mga tanong na maaari ninyong gamitin sa talakayan:

1. Ilarawan si Tungkung Langit. Anong klase siyang asawa?
2. Paano mo naman ilalarawan si Alunsina?
3. Bakit nagkaroon ng hinanakit si Alunsina kay Tungkung Langit?
4. Tama bang maghihinakit si Alunsina kay Tungkung Langit?
5. Pagkumparahin ang banghay ng kuwento noong nakaraang linggo at ang kuwento natin ngayon. May pinagkaiba ba ang daloy ng dalawang kuwento?
6. Aling bersiyon ang mas naibigan ninyo? Bakit?

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (20 minuto)

Bawat mag-aaral ay gagawa ng isang Venn Diagram upang paghambing ang karakterisasyon kay Tungkung Langit at Alunsina sa dalawang bersiyon ng alamat.

b. Pagpapalawig (20 minuto)


Magkaroon ng talakayan tungkol sa kanilang ginawang paghahambing. Gumawa ng malaking Venn Diagram sa pisara at magpatulong sa mga mag-aaral na punan ito. Pagkatapos, talakayin ang pagkakaiba ng paglalarawan ng dalawang alamat kay Tungkung Langit at Alunsina. Narito ang ilang tanong na maaaring gamitin:

1. Bakit kaya pinili ng may-akda ng "Alamat ni Tungkung Langit" na baguhin ang ilang katangian ng mga tauhan?
2. Ano ang naging epekto ng mga pagbabagong ito sa pagkilala at pagturing ninyo sa mga tauhang ito?
3. Sa parehong akda, makikita ang papel ng kasarian sa ikinilos ng mga tauhan. Ano-ano ang mga ito?
4. Sa kasalukuyang panahon, may epekto pa rin ba ang kasarian sa maaaring ikilos ng isang tao?

c. Sintesis (20 minuto)

Bawat mag-aaral ay bubuo ng isa pang Venn Diagram na pinaghahambing ang inaasahan na mga katangian ng kanilang kasarian at ang sarili nilang mga katangian.

Mga katangiang inaasahan sa



Sarili kong mga katangian

Ikatlong Araw

a. Sintesis (50 minuto)

Magpasulat ng sanaysay na binubuo ng tatlong talata pataas batay sa paksang: Ano-ano ang mga nagiging limitasyon ninyo dahil sa kasarian?

b. Pangwakas na Pagtataya (10 minuto)

Hayaang magbahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang mga isinulat na sanaysay sa klase.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

### Buod ng Linggo 7 at 8

<b>Linggo</b>	7 at 8	<b>Lunsarang Teksto 1</b>	"Salamin" ni Assunta Cuyegkeng
<b>Tema</b>	Nagbabagong Ako	<b>Lunsarang Teksto 2</b>	"Ang Pintor" ni Jerry Gracio
<b>Batayang Pangnilalaman</b>	<b>Batayang Kakayahan</b>	<b>Lingguhang Tunguhin</b>	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN1A, PN1B	PN1Aa, PN1Ab, PN1Ac, PN1Ba, PN1Bb	
Pagsasalita (PA)	PA1A, PA1B	PA1Aa, PA1Ab, PA1Ad, PA1Bc, PA1Bd,	
Pagsulat	PU1A, PU1B, PU1C	PU1Aa, PU1Ab, PU1Ad, PU1Bb, PU1Bc, PU1Ca	
Pag-unawa sa Binasa	PB1A, PB1C	PB1Aa, PB1Cb: PB1Cd	
Tatas	TA1-4A, TA1-4A		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		



## LINGGO 7

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Ano ang kilala nating salamin? (10 minuto)  May mga pagkaka-pareho ba ang mga salaming ito? (15 minuto)	Pagbasa ng tula (15 minuto)	Talakayan (20 minuto)			
Araw 2			Pangkatang gawain (25 minuto)	Pag-uulat at talakayan (35 minuto)		
Araw 3			Paglilinaw ng mga mahahalagang punto (10 minuto)		Pagsuri sa sarili (10 minuto)	Paggawa ng komposisyon (40 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

### I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Salamin (mirror)
- Salamin (eye glasses)
- Kopya ng akdang "Salamin" na nakasulat sa Manila paper

Ikalawang Araw

- Kopya ng akdang "Salamin" na nakasulat sa Manila paper

Ikatlong Araw

- Kopya ng akdang "Salamin" na nakasulat sa manila paper
- Litrato ng bawat mag-aaral noong bata pa sila
- Pinakabagong litrato ng bawat mag-aaral
- salamin (mirror)

### II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtataya (10 minuto)  
Magpakita ng isang mirror at isang eye glasses. "Ang tawag sa dalawang ito ay salamin. Pareho

ang katawagan sa ating wika. Ano ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba?”

Itala sa pisara ang sagot ng mga mag-aaral. Tiyaking lilitaw ang sagot na nagpapakita ng repleksiyon at nagpapalinaw ng pagtingin.

b. Introduksiyon (15 minuto)

Kapag napalabas ang mga sagot na repleksiyon at nagpapalinaw sa pagtingin; tanungin ang mga sumusunod na tanong.

- May dala bang halaga ang paglinaw ng paningin? (Itala sa pisara ang mahahalagang salitang binanggit ng mag-aaral)
- May dala bang halaga ang makita ang repleksiyon ng sarili? (Itala sa pisara ang mahahalagang salitang binanggit ng mag-aaral)
- Kailan ba tayo naliliwanagan? Kailan natin nasasabing malinaw ang ating pagkakaintindi sa isang bagay?
- Ano ang repleksiyon?

c. Presentasyon (15 minuto)

Magpaskil ng pangklaseng kopya ng akda.

- Ipabasa nang malakas sa klase ang tula.
- Hatiin sa apat na pangkat ang klase at ipabasa nang malakas ang saknong na iniatas sa kanila. (Pansinin ang mga salitang bibigyang-diin ng mga mag-aaral)

d. Pagpapayaman (20 minuto)

Talakayin ang bawat linya ng tula. Itanong sa klase ang mga sumusunod:

- Ano ang pagkakaintindi ninyo sa unang (ikalawa/ikatlo/ikaapat) saknong?
- Ano-ano ang mahahalagang salita na dapat pansinin?
- Bakit ang mga salitang ito ang inyong pinili?
- Sa una nating pagbasa ng tula, ano ang nabubuo ninyong “sinasabi” ng tula?

Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (25 minuto)

Tiyaking nakapaskil muli ang tula sa pisara.

Balik-aral: Ano-ano ang mahahalagang punto na napag-usapan sa nakaraang sesyon? (Maaari kang magbigay ng pagsusulit dito)

Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Ipabasa nang malakas ang saknong na iniatas sa bawat pangkat.

Susuriin ng bawat pangkat ang saknong na ibinigay sa kanila. Ipaalala sa mga mag-aaral na dapat nilang tingnan ang relasyon ng mga saknong, na ang bawat isa’y mahalagang bahagi ng buong tula.

Ilang mugkahi para sa pagsuri ng tula. Maaaring simulan ang pagsusuri sa pagtukoy kung ito’y may

- Sukat
- Tugmaan
- Mga Imaheng nabubuo

b. Pagpapalawig (35 minuto)

luulat ng bawat grupo ang kanilang mga ginawa at tatalakayin ang kanilang mga sagot.

Tanungin ang mga sumusunod na tanong para sa bawat saknong habang nag-uulat o pagkatapos mag-ulat ng mga grupo sa kani-kanilang saknong.

Unang saknong:

1. Anong salamin ang tinitingnan ng persona?
2. Sino ang nakita sa salamin? Bakit "kakambal" ang turing niya? Bakit hindi niya tinuringang "ako"?
3. Ilarawan ang nakita ng persona? Ilang taon na kaya ang persona? Anong bahagi ng tao ang kaniyang inilarawan?
4. Ano ang bagong nalaman ng persona sa kaniyang kaharap?

Ikalawang saknong:

1. Ano ang paglalarawan ng persona sa kaharap? Anong bahagi ng tao ang kaniyang inilalarawan?
2. Ano ang ibig sabihin ng dibdib na kumakabog? Dibdib na natutulog?
3. Kailan kumakabog/ natutulog ang dibdib?
4. Ano ang nararamdaman ng persona ng tula?

Ikatlong saknong:

1. Ano ang tinutukoy ng salitang "dito"?
2. Ano ang kahulugan ng mangingibig? Asawa ba ito? Kasintahan? Lover (ano ang konotasyon nito?) Ano ang sinasabi nito sa inilalarawan?
3. Babae ba o lalaki ang persona?
4. Ano ang nagtatago sa dibdib? Ano ang halaga ng salitang "nagtatago"?
5. Ano ang halaga na ang "Diyos ay nakikinig"? Ano ang ginagamit ng Diyos para makilala ang persona?

Ikaapat na saknong:

1. Ano ang kahulugan ng salitang "tatapatan"? Ano ang kahulugan ng "tapat"? Ano ang akma ng kahulugan ng tapat para sa tulang ito?
2. Sa huli, ano ang napagtanto ng persona sa kaniyang nakita?
3. Pansinin ang mga salitang "titingin", "magmamasid", at "sisipatin." Ano ang pagkakaiba ng bawat isa? Bakit ito ang ginamit na mga salita? (pansinin ang progreso ng kahulugan ng bawat salita na umaakma sa progreso ng pagtingin ng persona)

Sa ating ikalawang pagbasa ng tula, ano ang lumalabas na "sinasabi" ng tula? Ano ang mga nagpapaganda sa tulang ito?

Magbigay ng takdang aralin. Magpadala sa bawat mag-aaral ng:

- Retrato ng sarili noong bata pa
- Pinakabagong retrato ng sarili
- Salamin (mirror)

Ikatlong Araw

a. Pagpapayaman (10 minuto)

Muling ipaskil ang kopya ng tula. Magbalik-aral sa mga tinalakay noong ikalawang araw.

(Maaari kang magbigay ng pagsusulit dito.)

Muling balikan ang tanong sa pagtatapos ng nakaraang sesyon: Sa ating ikalawang pagbasa ng tula, ano ang lumalabas na "sinasabi" ng tula? Ano ang mga nagpapaganda sa tulang ito?

b. Sintesis (10 minuto)

Sabihan ang mga mag-aaral na suriin ang kanilang mga sarili. Tingnan at suriin ang mga litratong dala ng mga mag-aaral.

Ano'ng pinagkaiba ng inyong pisikal na anyo, noon at ngayon? Masasabi ba ninyong may pagbabago rin sa inyong personalidad noon at ngayon?

Tumawag ng ilang tao na makapagbabahagi ng mga pagbabagong napansin nila. Itala sa pisara ang mga napansing pagbabago.

c. Pangwakas na Pagtaya (40 minuto)

Bigyan sila ng 15 minuto upang sumulat ng isang talata na naglalarawan ng mga pagbabagong napansin nila sa kanilang sarili. Pagkatapos, hatiin ang klase sa mga pangkat na binubuo ng 4 na katao. Bigyan sila ng panahon upang magbahagin ng isinulat.

Tumawag ng ilang pangkat upang ibahagi sa klase ang karaniwang lumalabas sa kanilang usapan. Pansinin ang mga pagkakatulad sa mga pangkat upang magamit sa paglalagom ng sesyon.

Ipapasa ang mga talatang isinulat.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

**LINGGO 8**

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Pagsusuri sa isang larawan (10 minuto)  Talakayan (10 minuto)	Pagbasa ng akda (5 minuto)	Pangkatang gawain (20 minuto)	Presentasyon at talakayan ng mga gawain (15 minuto)		
Araw 2	Pagpapakilala sa mga Tayutay (5 minuto)	Tayutay (20 minuto)	Gawain ukol sa tayutay (15 minuto)			
Araw 3	Charades (15 minuto)	Ang mga uri ng tayutay (25 minuto)	Pangkatang gawain (20 minuto)			Pagbigkas ng tula (10 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Kopya ng akdang "Ang Pintor" na nakasulat sa Manila paper
- Kopya ng teksto
- Larawan ng isang painting na abstract

Ikalawang Araw

- Maliliit na piraso ng papel na may mga tayutay (5 piraso)

## II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya at Pagganyak (10 minuto)

Magpapakita ng isang larawan (painting na hindi dapat abstract) sa harap ng klase. Hayaan silang suriin ito. Kung maaari ay ipasuri ito sa mga bata nang malayuan at malapitan. Siguraduhing magkakaroon sila ng pagkakataong makita ang kabuuan nito.

Talakayin ang mga sumusunod na tanong sa mga mag-aaral:

- Ano ang mga nakita mo sa loob ng larawan?
- May mga nakita ba kayong iba mula sa inyong paglapit at paglayo?
- Kailan nagkaroon ng kalinawan ang larawan sa inyo?
- Ano kaya ang ipinahahayag ng larawan?

- Introduksiyon (10 minuto)

Talakaying muli ang mga sagot nila tungkol sa larawan:

- Mula sa mga sagot kanina, ano kaya ang ipinahahayag ng pintor sa larawan?
- Maayos ba niyang naitawid ang ideyang ito?
- Kung oo, paano?
- Kung hindi, bakit? Ano pa kaya ang maaari niya sanang gawin?

- Presentasyon (5 minuto)

Ipabasa sa mga mag-aaral ang akda nang sabay-sabay.

Babasahin ng guro (nang mag-isa) ang tula sa harap ng klase. Bigyang-diin ang mahahalagang salita/linya.

- Pagpapayaman (20 minuto)

Hatiin ang klase sa 8 pangkat. Ang bawat pangkat ay aatasang gumuhit ng larawan ng saknong na itatakda sa kanila.

- Taludtod 1-2 – Pangkat 1 at 2
- Taludtod 3-4 – Pangkat 3 at 4
- Taludtod 5-6 – Pangkat 5 at 6
- Taludtod 7-8 – Pangkat 7 at 8

Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang mga iginuhit.

- Pagpapalawig (15 minuto)

Talakayan:

- Ano ang nangyari sa mga iginuhit ng pintor?
- Anong mga salita ang magpapatunay sa inyong sinabi?
- Maituturing bang nabigyang-buhay ng pintor ang kaniyang larawan?

4. Ano ang nangyari sa pintor sa huling dalawang saknong? Nagbigay-buhay ba siya o nasira ang kaniyang buhay?
5. Para saan ngayon ang talento na mayroon tayo?

Sa pagsusuri ng sarili, mayroon kang matutuklasan. May mga kakayahan kang hindi dapat itinatago subalit dapat na ibinabahagi.

- Kailangan ditong makapagbigay-inspirasyon ang guro na mahikayat niya ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang talento upang bigyang-buhay ang sarili at ang iba.

## Ikalawang Araw

### a. Introduksiyon (15 minuto)

Isulat ang mga sumusunod na pangungusap sa maliliit na piraso ng papel:

1. Amoy basang medyas ang kuwarto natin ngayon!
2. Gaposte na si Marya ngayon.
3. Ngumiti sa akin ang araw sa aking pagtingala.
4. Kumakaway ang mga bulaklak sa hardin.
5. Pakiramdam ko nililitson ako sa sobrang init.

Pumili ng limang kalahok mula sa klase na aarte ng mga nabanggit na pangungusap. Tanungin ang mga mag-aaral kung may kakaiba sa mga ginamit na pangungusap.

### b. Presentasyon (25 minuto)

Sa nakaraang sesyon, napag-aralan natin ang pagbibigay-buhay ng pintor sa kaniyang guhit/larawan. Kanina, nakita natin ang pagbibigay-buhay ng inyong kamag-aral sa ilang pahayag. Ngunit paano kung salita lamang ang makikita natin? Paano natin bibigyang-buhay sa isipan ng tao ang nais nating iparating kung mababasa lamang niya ay mga salita?

Ituro ang mga uri ng tayutay:

#### Pagtutulad

- Pinakasimpleng paraan ng paglalarawan at paghahambing.
- Madalas na gumagamit ng mga salitang: Tulad ng, Parang, Gaya ng, Kasing-, Sing-, at Ga-
- Gaano ka kaya kasuwerte ngayon? Sing-alat ng bagoong ang suwerte ko ngayon!
- Gaano kataas ang ginagawang gusali? Sintaas ng Tore ni Babel ang bagong gusali!

#### Pagwawangis

- Paglalarawan na hindi gumagamit ng mga katagang nabanggit sa pagtulad.
- Gaano siya kagaling lumangoy? Pating 'yan sa tubig!
- Ano ang amoy ng bagoong? Kapag mas amoy-paa ang bagoong, mas masarap!

#### Pagsasatao

- Paglalarawan sa mga bagay sa paligid gamit ang mga katangiang pantao lamang.
- Ano ang nangyari sa mga puno? Yumuyugyog ang puno ng niyog.
- Paano kumikilos ang oras? Tumatakbo ang oras.

#### Pagmamalabis

- Sobra-sobrang paglalarawan, madalas na hindi na makatotohanan.
- Gaano siya kapawis? Timba-timba ang pawis niya.
- Gaano kalamig sa bundok ngayon? Pakiramdam ko'y nasa loob ako ng freezer!

Magtala sa pisara ng mga halimbawa ng paggamit ng tayutay na galing sa mag-aaral.

### c. Pagpapayaman (20 minuto)

Bumuo ng grupo na may tatlong miyembro at isa-konteksto ang mga sumusunod na halimbawa

gamit ang mga tayutay.

1. Bilang ng taong nagwewelga dahil sa dagdag presyo ng langis.
2. Amoy ng bagong tabas na damo.
3. Lawak ng sakahan/dagat/gubat. (Ilayon sa konteksto ng mag-aaral)
4. Dami ng kamag-aral na nasa parehong nibel/baitang.
5. Lasa ng pagkaing paboritong lutuin ni Nanay.

Pagbotohan ng klase ang pinakamahusay na pagkakapahayag sa bawat bilang.

Ikatlong araw

a. Introduksiyon (5 minuto)

Nakapanood ka na ba ng palabas na "Showtime" sa telebisyon? Ano ang karaniwang ginagawa ng mga sumasaling pangkat o bayan dito? Paano sila nagpapahayag ng sarili/talento?

b. Pagpapalawig (30 minuto)

Bago magsimula sa aktibidad, siguraduhing naging malinaw sa mga bata ang halaga ng kani-kanilang kakayahan. Linawin na ang bawat kakayahan ay nagmumula sa kagustuhang magpahayag ng sarili. Kailangan lamang padaluyin ang imahinasyon at damdamin sa iisang medium.

Pasulatin sila ng tulang may sumusunod na espisipikasyon:

Unang taludtod – Isang salita, pangngalan.

Ikalawang taludtod – tatlong pang-uring naglalarawan sa paksa.

Ikatlong taludtod – Isang pangungusap na gumagamit ng tayutay.

Ikaapat na taludtod – Isang pandiwang maaaring gawin o ginagawa ng pangngalan.

Halimbawa:

Lapis

Matalas, maharaya, mapurol

Sindilim ng gabi ang bawat kumpas.

Mapagpalaya

c. Pangwakas na Pagtaya (23 minuto)

Pumili ng 8 hanggang 10 mag-aaral na bibigkas ng kanilang tula sa harap ng klase. Siguraduhing malinaw ang ideya ng pagiging malayang magpahayag upang mabawasan ang hiya.

Pumili rin ng mga-mag-aaral na magbibigay-komentaryo sa tulang binigkas.

d. Sintesis (2 minuto)

Bilang paglalagom, purihin ang mga mag-aaral sa kanilang mga nilikhang tula. Purihin ang kanilang galing at pagtatangkang maging magaling. Mahalagang gamitin ang mga biyaya/talento na ibinigay sa atin.

Bigyan sila ng Takdang Aralin.

1. Gawin muli ang ehersisyo ng pagsulat ng payak na tula. Gamitin ang salitang **ULING** bilang unang taludtod.
2. Ipabasa ang kuwentong "Impeng negro" ni Rogelio R. Sicat.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## Buod ng Linggo 9 at 10

<b>Linggo</b>	9 at 10	<b>Lunsarang Teksto 1</b>	"Impeng Negro" (Rogelio R. Sicat)
<b>Tema</b>	Nagbabagong Ako	<b>Lunsarang Teksto 2</b>	"Ang Ambahan ni Ambo" ni Ed Maranan
<b>Batayang Pangnilalaman</b>	<b>Batayang Kakayahan</b>	<b>Lingguhang Tunguhin</b>	
Pag-unawa sa Napakinggan (PN)	PN1A, PN1B	PN1Aa, PN1Ab, PN1Ac, PN1Ad, PN1Be	
Pagsasalita (PA)	PA1A, PA1B	PA1Ab, PA1Ad, PA1Bb PA1Bc, PA1Bd	
Pagsulat	PU1A, PU1B, PU1C	PU1Aa, PU1Ab, PU1Bb, PU1Ca	
Pag-unawa sa Binasa	PB1A, PB1B, PB1C	PB1Aa, PB1Ac, PB1Ad, PB1Ba, PB1Bb, PB1Bd, PB1Bf, PB1Bg, PB1Ca, PB1Cb, PB1Cc, PB1Cg	
Tatas	TA1-4A		
Pakikitungo sa Wika at Panitikan	PW1-4A, PW1-4B		
Estratehiya sa Pag-aaral	EP1-4A, EP1-4B		

## LINGGO 9

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Talasalitaan (10 minuto)  Paglalarawan ng iba't ibang pangkat etniko (15 minuto)	Pagbuo ng buod ng "Impeng Negro" (15 minuto)				
Araw 2			Pangkatang gawain (25 minuto)	Presentasyon at Talakayan (25 minuto)	Paggawa ng Freedom Wall (10 minuto)	
Araw 3					Paglililaw ng mga mahahalagang punto (10 minuto)	Paggawa ng tula at pagbabahagi (50 minuto)



Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Manila paper (4 piraso)
- Kopya ng akdang "Impeng Negro"
- Mga larawan ng Ayta, Ifugaw, Maranaw at Badjaw.

Ikalawang Araw

- Lapis at 1/4 pad
- Manila paper

## II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (10 minuto)

Talasalitaan. Isulat ang mga sumusunod sa pisara. Ipabasa ang mga salita at mga kahulugan.

Ipagamit sa mga mag-aaral ang mga salita sa sariling pangungusap.

- ☞ talungko – pag-upo na dikit ang binti sa hita at nakabitin sa puwit
- ☞ giray – sirâ
- ☞ ginagad – ginaya na gustong magpatawa
- ☞ nanghinamad – nag-inat dahil sa pakiramdam ng katamaran
- ☞ namamalirong -namamaga
- ☞ nangangalirang – labis na natutuyo
- ☞ sumusuno – sumama
- ☞ tinutop – tinatakpan ng kamay
- ☞ nagkalugkugan – nagkalampagan
- ☞ pahalipaw – nagkalat ng mga maliliit na bagay

- Introduksiyon (15 minuto)

Hatiin sa apat na pangkat ang klase. Ilalarawan ng bawat pangkat ang pisikal na katangian ng bawat pangkat etniko. Ibabahagi ng isang miyembro mula sa bawat pangkat ang kanilang napag-usapan.

- Presentasyon (15 minuto)

Inaasahang nabasa na ng mga mag-aaral ang akda. Ipaliwanag ang buod ng akda. Magpatulong sa mga mag-aaral sa pagbuo ng buod sa pamamagitan ng paglalarawan kay Impeng Negro at Ogor, ang tunggalian ng kuwento, tagpuan ng kuwento at kung paano nalabanan ni Impeng Negro ang pang-aapi.

- Pagpapayaman (20 minuto)

Ipaliwanag ang konsepto ng rasismo (racism). Rasismo ang ipinapakita ng mga taong may panidiri o galit sa taong kaiba ang pamumuhay, relihiyon, o lahi. Magiging tuon ng talakayan ang dahilan ng pang-aapi ni Ogor kay Impeng Negro at ang pagbangon ni Impeng Negro. Sa kanilang buhay mag-aaral, mayroon na rin ba silang naranasang diskriminasyon tulad ng rasismo. Ipaunawa na ang rasismo at iba pang uri ng diskriminasyon ay hindi lamang nagbabatay sa kulay

ng balat. Magsimula ng talakayan tungkol sa rasismo.

#### Ikalawang Araw

##### a. Pagpapayaman (25 minuto)

Hatiin sa 4 na pangkat ang klase.

1. Unang grupo: bubuo ng isang story mountain tungkol sa mahahalagang pangyayari sa akda
2. Pangalawang grupo: pagguhit ng tagpuan ng akda at maikling paglalarawan dito
3. Pangatlong grupo: paghahambing kay Ogor at Impeng Negro gamit ang isang Venn Diagram
4. Pang-apat na grupo: pagbibigay ng ilang halimbawa kung paano naipapakita ang rasismo sa kasalukuyang panahon.

##### b. Pagpapalawig (25 minuto)

Ipapakita ng bawat grupo ang kanilang mga ginawa at tatalakayin ang kanilang mga sagot. Pag-uusapan din kung paano naipapakita sa mga simpleng bagay ang rasismo, lalo na sa loob ng silid-aralan, sa paaralan, at sa pamayanan.

##### c. Sintesis (10 minuto)

Pakuhain ng 1/4 pad ang mga mag-aaral. Pasulatin sila ng ilang ideya at saloobin nila tungkol sa rasismo. Ididikit ang mga 1/4 sa isang manila paper, na magsisilbing Freedom Wall ng klase.

#### Ikatlong Araw

##### a. Sintesis (10 minuto)

Tatalakayin ng mga mag-aaral sa tulong ng guro ang mga mahahalagang nangyari sa akda at ang mensahe nito tungkol sa rasismo.

##### b. Pangwakas na Pagtaya (50 minuto)

Ipasulat ng maikling tula ang bawat grupo. Maaaring paksa ng tula ang buhay ni Impeng Negro o buhay ni Ogor.

Ipabahagi sa ilang mag-aaral ang kanilang mga tula.

Kung may nalalabi pang oras, ipabahagi sa bawat grupo ang kanilang tula. Magbigay ng Takdang Aralin. Ipabasa ang "Ambahan" ni Ed Maranan.

#### Ikaapat na Araw

##### a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

## LINGGO 10

Araw	Panimulang Pagtaya/ Pagganyak/ Introduksiyon	Presentasyon	Pagpapayaman	Pagpapalawig	Sintesis	Pangwakas na Pagtataya
Araw 1	Talasalitaan (15 minuto) Pagbabahagi ng mga karanasang nagpalawak sa kaalaman ng mga mag-aaral (15 minuto)	Pagbuo ng buod ng akda at pagtalakay ng mga ambahan (30 minuto)				
Araw 2			Pangkatang gawain (35 minuto)	Presentasyon at talakayan ng mga gawain (25 minuto)		
Araw 3					Buod ng akda at mensahe nito (10 minuto)	Pagsusulat ng mga ambahan at presentasyon (50 minuto)
Araw 4						Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)

### I. Mga Kagamitan

Unang Araw

- Cutout ng mga salita at larawan para sa talasalitaan
- Manila paper (4 piraso)
- Kopya ng akdang "Ang Ambahan ni Ambo" ni Ed Maranan
- Visual aid ng mga ambahan sa akda

### II. Pamamaraan

Unang Araw

- Panimulang Pagtaya (15 minuto)  
Talasalitaan. Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang cutout ng salitang nasa pangungusap, kahulugan nito o larawan nito. Kailangan nilang hanapin ang kahulugan ng salitang nasa pangungusap at ang larawan nito. Kapag nagsama-sama na, babasahin at ipapakita ng bawat grupo ang kanilang mga salita at larawan.

Halimbawa: Dumadausdos ang ilog patungo sa lawa mula sa itaas ng bundok.



## BUMABABA

- dumadausdos – bumababa
- suklob – tabon
- humilis – tumugtog
- kumalanting – tumugtog
- agung – isang uri ng gong
- manik – butil na gamit sa paggawa ng kuwintas
- hihip – plawtang kawayan
- makasabat – makasalubong
- anas – mahinang ingay
- dalisdis – gilid ng bundok
- nakayungyong – nagbibigay ng lilim

### b. Introduksiyon (15 minuto)

Magtanong sa klase tungkol sa kanilang mga karanasang nagpalawak sa kanilang kaalaman. Halimbawa, napapalawak ng pagkakita ng mga bagong hayop ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga hayop. Pipili lamang ang guro ng ilang magbabahagi. Ipaliliwanag ng guro na ang pakikisalamuha sa iba't ibang uri ng tao ay nagpapalawak din ng kaalaman. Aanyayahan ang mga mag-aaral na tuklasin kung paano napalawak ang kaalaman nina Jack at Anne sa pagkilala nila kay Ambo at ang mga Mangyan sa kuwentong “Ang Ambahan ni Ambo”.

### c. Presentasyon (30 minuto)

Inaasahang nabasa na ng mga mag-aaral ang akda.

Ipaliliwanag ng guro ang buod ng akda. Tutulungan siya ng mga mag-aaral sa pagbubuo ng buod sa pamamagitan ng pagsagot at pagtalakay sa sumusunod na tanong:

1. Ilarawan ang mga tauhan sa kuwento?
2. Ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?
3. Ano ang layunin ng pamilya nina Jack at Anne sa pagpunta sa Mindoro? Natupad ba ito?
4. Ano ang mga suliranin ng mga Mangyan? Paano ito nasolusyunan?
5. Paano nakatulong sa pagpapalawak ng kanilang karanasan ang pagpunta nina Jack at Anne sa Mindoro?

Babasahin ng guro at ng klase ang dalawang ambahan sa akda. Ipaliliwanag ng guro na ang ambahan ay isang tradisyonal na tula ng mga Mangyan. Mayroon itong isahang tugma at may sukat na pituhang pantig bawat linya. Wala namang nakatakdang haba ito. Ang ambahan ay karaniwang kinakanta at maaaring sabayan ng isang instrumento. Karaniwang tungkol sa isang sitwasyon sa buhay ang nilalaman ng ambahan.

Babasahin ang dalawang ambahan sa kuwento at tatalakayin ang sumusunod na tanong.

1. Kaibigang dumayo  
sa malayo kong kubo  
masanay kaya kayo  
sa hirap ng buhay ko

walang aliwan dito  
kundi awit ng tao  
kundi ang pangangaso  
kundi kislap sa damo  
pagkalipas ng bagyo.

II.

Paalam, kaibigan  
salamat sa pagdalaw  
sana'y di malimutan  
malayong kabundukan  
ay laging naghihintay  
nananabik ang buhay  
sa ating katuwaan  
hindi ito paalam  
masayang paglalakbay!

1. Ano ang sukat at tugma ng mga ambahan? Sa una, pituhan ang pantig ng bawat linya at ang mga huling salita sa bawat linya ay may tunog na "o" na walang impit. Sa pangalawa, pituhan ang pantig ng bawat linya at ang mga huling salita sa bawat linya ay may tunog na "a" + mahinang katinig (l, m, n, ng, r, w, y).

2. Tungkol saan ang mga ambahan? Sa una, tungkol sa pakikibagay ng mga dumayo sa buhay ng mga Mangyan. Sa pangalawa, tungkol sa pamamaalam sa mga dayuhan at sa pag-asang bumalik silang muli.

#### Ikalawang Araw

a. Pagpapayaman (35 minuto)

Hahatiin sa apat na pangkat ang klase.

Unang grupo: gagawa ng tsart o listahan ng mga mahahalagang pangyayari ng akda (Tingnan ang learning package)

Pangalawang grupo: pagguhit ng tagpuan ng akda at maikling paglalarawan dito

Pangatlong grupo: paghahambing sa pagitan ni Ambo (at ng mga Mangyan) at ang pamilya nina Jack at Anne (Tingnan ang learning package)

Pang-apat na grupo: pagtatala ng mga bagong kaalaman na natutuhan nina Ambo, Jack, at Anne sa pakikisalamuha sa isa't isa

b. Pagpapalawig (25 minuto)

Ipaliliwanag ng isa o ilang miyembro ng bawat pangkat ang kanilang gawain. Tatalakayin ang mga sagot ng mga mag-aaral batay sa akda.

#### Ikatlong Araw

a. Sintesis (10 minuto)

Bubuurin ng mga mag-aaral sa tulong ng guro ang mga mahahalagang nangyari sa akda at ang mensahe nito tungkol sa pagpapalawak ng kaalaman sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng karanasan.

b. Pangwakas na Pagtaya (50 minuto)

Magsusulat ng dalawang ambahan ang bawat pares o grupo ng tatlong mag-aaral (tingnan ang learning package). Kailangang tandaan ang mga katangian ng ambahan: may isahang tugma at may pituhang pantig. Walang kailangang bilang ng linya (tingnan ang mga halimbawa sa akda). Ang unang ambahan ay maaaring tungkol kay Ambo, Pete, Tet, Jack, o Anne. Ang ikalawang ambahan ay tungkol sa kanilang karanasan na nagpalawak sa kanilang kaalaman. Maaaring idikit sa dingding ng silid ang mga ambahan para mabasa ng klase sa ibang oras.

Ikaapat na Araw

a. Pagtataya sa pagtataya (60 minuto)